


THE COOPERATIVE OFFICE FOR CALL & GUIDANCE AL-SULAAY, RIYADH

P.O.BOX 149 ZIP CODE 1431, TEL.NO (011) 240695 - FAX (011) 240468 - 222



Ang Aking **PAGLALAKBAY**

Mula Sa dlim patungo sa lln' anag



Isinulat ni
MAJED NOEL NECOMIDES SALVA

Ang Aking
PAGLALAKBAY
Mula sa Dilim Patungo sa Liwanag

رحلاتي
من الظلمات إلى النور

Isinulat ni:

Majed Noel Nicomedes Salva

Isinaayos ni:

Abdul Khaliq Sharif Saripada

<u>Bilang</u>	<u>Mga Nilalaman</u> <u>Pamagat</u>	<u>Pahina</u>
1	Mga Pangunahing Salita	6
2	Ang aking buhay noong hindi pa ako Muslim.	
	Ang aking sarili noon.	12
	Mga Saligan ng Paniniwala ng sektang Katoliko.	13
	Ang aming paglipat sa Baptist.	16
	Mga pananampalataya ng Baptist (Born Again) Christians.	18
	Ang aking paglipat sa Philippine Benevolent Missionary Association (PBMA).	20
	Mga Saligan ng Paniniwala ng PBMA.	21
3	Ang aking Pangingibayong Dagat	27
4	Mga Pagsusuri sa dati kong pananampalataya.	30
5	Ang Islam at Muslim	41
	Mga katuruan ng Islam	42
	Ang kahulugan ng Islam	48
	Mga Katangian ng Allah	49
	Islam, Banal na Relihiyon.	51
6	Si Hesus sa Islam.	
	Ang pagkakapanganak kay Hesus.	53
	Si Hesus hindi namatay.	56
	Si Hesus itinaas sa Langit.	57

	Si Hesus ay Sugo at Propeta.	58
7	Ang Anim na Saligan ng Paniniwala sa Islam.	
	① Ang Paniniwala sa Allah.	59
	② Ang Paniniwala sa mga Anghel.	60
	③ Ang Paniniwala sa mga banal na Kasulatan.	61
	④ Ang Paniniwala sa mga Propeta.	61
	⑤ Ang Paniniwala sa Huling Araw.	61
	⑥ Ang Paniniwala sa Kahihinatnan.	62
8	Ang Limang mga Haligi ng Pananampalataya sa Islam	
	① Ang Shahadatayn	62
	② Ang Pagdarasal	63
	③ Ang Pagbibigay ng buwes para sa Kawanggawa.	63
	④ Ang Pag-aayuno sa buwan ng Ramadan.	63
	⑤ Ang Pagsasagawa ng Hajj.	64
9	Ang aking buhay sa Islam	64
10	Pasasalamat	67

المحتويات

الصفحة	العنوان	م
٦	*مقدمة	١
	*حياتي قبل أعتناقي الإسلام	٢
١٢	شخصيتي من قبل الإسلام	
١٣	أسست الجماعة الكاثوليكي	
١٦	انتقالنا إلى المعمادية (أو البروتستانت)	
١٨	اعتقادات المعمادية (أو البروتستانت)	
٢٠	انتقالي إلى الجمعية البعثة الخيرية بالفلبين (PBMA)	
٢١	أسس الجمعية البعثة الخيرية (PBMA)	
٢٧	*هجرتي إلى خارج البلد	٣
٣٠	*مقارنة بين اعتقادي السابقة	٤
٤١	*الإسلام و المسلم	٥
٤٢	تعاليم الإسلام	
٤٨	معنى الإسلام	
٤٩	إثبات صفة الوحدانية لله عكس النصارى	
٥١	الإسلام الدين السماوي	
	*عيسى من منظور إسلامي	٦

٥٣	ولادة عيسى	
٥٦	عيسى لم يموت	
٥٧	إثبات أن الله رفع عيسى	
٥٨	عيسى رسول و نبي	
	*أركان الإيمان الستة	٧
٥٩	الإيمان بالله	
٦٠	الإيمان بالملائكة	
٦١	الإيمان بالكتب	
٦١	الإيمان بالرسل	
٦١	الإيمان باليوم الآخر	
٦٢	الإيمان بالقدر	
	* اركان الإسلام الخمسة	٨
٦٢	الشهادتان	
٦٣	الصلاة	
٦٣	الزكاة	
٦٣	الصيام	
٦٤	الحج	
٦٤	*حياتي بعد اعتناق الإسلام	٩
٦٧	*الخاتمة	١٠

بسم الله الرحمن الرحيم

Mga Pangunahing Salita

Ang lahat ng pagpupuri ay sa Allah ﷻ lamang, ang Panginoon ng sanlibutan at ng sangkatauhan. Ang pagpapala at pagbati ng Allah ﷻ ay mapasa-lahat ng mga Propeta, kay Propeta Muhammad ﷺ, sa kanyang pamilya at sa lahat ng kanyang mga kamag-anak, mga kasamahan, at sa lahat ng mga sumusunod sa kanyang mga gawi at katuruan.

Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿اللَّهُ وَلِيُّ الَّذِينَ ءَامَنُوا يُخْرِجُهُم مِّنَ الظُّلُمَاتِ إِلَى النُّورِ ۚ وَالَّذِينَ كَفَرُوا أَوْلِيَآؤُهُمُ الطَّاغُوتُ يُخْرِجُونَهُم مِّنَ النُّورِ إِلَى الظُّلُمَاتِ ۗ أُولَٰئِكَ أَصْحَابُ النَّارِ ۖ هُمْ فِيهَا خَالِدُونَ﴾

“Ang Allah ay Wali (Tagapagtanggol) ng mga (taong) may pananampalataya. Kanyang inaakay sila mula sa kadiliman tungo sa liwanag, subalit sa mga dinaniniwala, ang kanilang Auliya (katulong) ay mga Taghut (diyus-diyusan, mga huwad na pinuno, mga masasama atbp). Inaakay sila mula sa liwanag tungo sa kadiliman, Sila ay mananahan sa Apoy, at sila ay mamamalagi roon magpakailanman.” (Al-Baqara 2:257)

Ang munting babasahin na ito ay aking pinamagatang, "Ang Aking Paglalakbay... (mula sa dilim patungo sa liwanag)" dahil sa paniniwalang umaangkop ito sa aking buhay at karanasan sa paghahanap ng wastong gabay sa tamang pananampalataya (sa Diyos). Musmos pa ako noon, ay nandoon na sa aking katauhan ang paniniwala sa Diyos at kaisipan upang hanapin ang katotohanan patungo sa Kanya. Katunayan, ang buhay ng tao ay nababalot sa isang madilim na kapaligiran, hindi nila namamalayan at nalalaman na maaaring nasa kanilang harapan ang isang patibong na banging malalim at madilim at sa ibabaw nito ay natatakpan ng mga magaganda at kaakit-akit na mga palamuting humihikayat at lumilinlang sa kanila, [mula sa liwanag] para mahulog sa patibong ng kadiliman. Walang makapagliligtas sa kanila para maihahon mula sa madilim na kapaligiran patungo sa isang maliwanag at maaliwalas na katayuan maliban sa tulong at awa ng Allah (swt.).

Saan mang pook na malayo sa liwanag ay naroroon ang dilim, at ang lahat ng bagay na inililihim at itinatago, ay sa dilim ito ikinukubli. Ano nga ba ang mga bagay na inililihim at itinatago? Tiyak, mga bagay na hindi maaaring ilantad (dahil malalaman na malayo sa katotohanan) at mga bagay na ipinagbabawal. Subalit kapag sumapit ang liwanag, ay pilit na pinalalayas kahit gaano kalalim ang dilim at doon ay nalalantad ang lahat ng lihim na nakakubli sa dilim.

Ang kaugnayan sa pagitan ng dilim at liwanag sa buhay ng tao ay kahalintulad sa pagitan ng isang mangmang at sa isang marunong o maalam. Ang karunungan ay ilaw ng buhay at liwanag patungo sa katotohanan. Inihambing ng Propeta Muhammad ﷺ ang isang mangmang sa isang marunong kasingtulad sa pagitan ng isang patay at buhay. Ang kamangmangan ay daan sa pagkaligaw at kasama sa mga ito ay ang mga taong nakita at nabasa ang katotohanan subalit parang mga bulag na kunwari ay walang nakita, mga taong narinig ang katotohanan subalit parang mga bingi na kunwari ay walang narinig at hindi naintindihan ang anumang paliwanag mula sa katotohanan lalung-lalo na kung ang tinutukoy ay espirituwal na pananampalataya, mga taong may bibig at parang mga pipi na hindi kayang ipagtanggol ang sariling karapatan ng katotohanan, kaya sila ay itinuring na parang mga patay na walang silbi.

Ang pagbubulag-bulagan at pagbibingi-bingihan sa katotohanan ay isang mataas na uri ng kamangmangan na siya ang landas patungo sa kadiliman at kapahamakan subalit ang karunungan at kaalaman sa katotohanan ng Pananampalataya ay landas patungo sa isang maliwanag, maaliwalas, mapayapa, mapanatag at marangal na katayuan ng buhay maging sa lupa hanggang sa kabilang buhay.

Kung pagmasdan natin at pag-isipan ang buhay ng tao at ang kaugnayan nito sa mundo at sa Diyos ay isang

mabigat na mga katanungang dapat maisa-isip at mabigyan ng kasagutan ng bawat tao. Dahil kung ito ay hindi natin bibigyan ng mahalagang pansin ay maaaring tayo ay maihalintulad sa katayuan ng mga hayop na walang alam kundi kumain at matulog, sila ay nilikha ng Diyos na hanggang doon na lamang, subalit ang kaibahan nila sa tao ay wala silang pananagutan sa Diyos, dahil sila ay walang Paraiso at wala ring Impiyerno. Kaya karapat-dapat sa atin ang saliksikin ang dahilan kung bakit tayo nilikha bilang isang tao at hindi hayop. Ito marahil, ay nangangailangan ng sapat na kasagutan, at ang lahat ng kasagutan nito ay lantad at hindi inililihim sa atin. Sari-saring mga kaalaman lalong-lalu na sa larangan ng pananampalataya ang nakalantad sa ating harapan. Tayo ay parang isang namamalengke o mamimili, at sa ating pamimili ay mayroon tayong kalayaan at karapatan upang usisain, tanungin at saliksikin ang tunay na katayuan ng bawat bagay na ibinebenta bago natin ito tangkilikin o bilihin upang makasiguro tayo na ito ay nasa magandang kundisyon. Ano pa kaya kung ito ay may kaugnayan sa ating pananampalataya? Diba't lalong higit na dapat tayong maging mapanaliksik upang tayo ay makasiguro na tayo ay nasa tamang panuntunan ng ating buhay?

Ang buhay ng tao ay kahalintulad ng isang manlalakbay na mayroong pinanggalingan at anupaman ang mangyayari sa kanyang paglalakbay, kumita man o hindi ay kinakailangan niyang bumalik sa kanyang pinanggalingan. Sa ating pagbabalik ay mga bakas ng

kahapon na lamang at guni-guni ng nakaraan ng ating mga paglalakbay ang siyang naiwan sa ating isipan maliban sa mga bagay na kinita natin at dala-dala sa ating pagbabalik.

Darating ang panahon na lilisanin natin ang buhay sa mundong ito at babalik sa ating pinagmulan, ang tanong ko, "Ano nga ba ang naihanda natin sa ating pagbabalik (pagdating sa kabilang buhay)?"

Isang pangkaraniwang bagay na sa atin ang paghandaan sa anumang aspeto ang mga hinaharap para sa ating kinabukasan, ganun din ang maaari nating kakaharapin sa buhay ng walang hanggan. Ang paghahandang ito ay ating pinagbubuti sa kadahilanang nais nating magkaroon ng magandang kinabukasan sa darating na panahon.

Tayo ay nagpapakahirap sa mundong kasalukuyan at nagbabaka-sakaling matustusan ang mga pangangailangan ng ating sarili at mga mahal sa buhay hindi lamang sa kasalukuyan maging sa hinaharap at umaasa na sana sila ay mabigyan natin ng magandang kinabukasan. Ganun din ang ating paghahanda sa panahon ng ating pagtanda. Ang mga paghahandang ito ay sekondarya lamang ang kaugnayan sa atin. Ang ating kayamanan, mga karangyaan, katungkulan, katanyagan, at mga mahal sa buhay ay mga bagay na umaaliw lamang sa atin at kung hindi tayo maingat ay maaaring silang lahat ay maging sanhi ng ating pagkakatuksa, pagkalimot, pagkaligaw at pagiging malayo sa

*Ang Aking Paglalakbay...
Mula sa dilim patungo sa*

رحلتني...
من الظلمات إلى النور

katotohanan. Ang lahat ng ito ay mga pansamantalang bagay na hiram lamang natin sa Poong Maykapal at sa araw at oras na gustuhin Niyang bawiin ay hindi na tayo makakatanggi.

Ang aklat na ito ay naglalaman ng aking mga karanasan sa pagka-Kristiyano at kung papaano ko sinaliksik at natagpuan, ayon sa aking paniniwala ay daan patungo sa tunay na kaligtasan. Nakalahad dito ang mga paghahanda na aking ginawa at Insha Allah patuloy na aking gagawin.

Akin lamang hihilingin na sana ay buksan natin ang ating isipan at palawakin ang ating pangunawa sa mga bagay na nakasaad dito at huwag sana nating pairalin ang bugso ng ating damdamin sapagkat ang katangian ng isang tunay na naghahangad na magkaroon ng tunay na kaalaman tungkol sa katotohanan ng pananampalataya ay may malawak at malusog na pag-iisip at maunawaing puso at damdamin. Ating idalangin sa Diyos (Allahﷻ) na nawa ay patnubayan Niya tayo at buksan ang puso natin sa landas patungo sa katotohanan.

Maraming salamat po.

*Majed, Noel Nicomedes Palva
Riyadh, Kingdom of Saudi Arabia*

Ang aking sarili noon.

Ako ay namulat sa isang maka-relihiyosong pamilya at Kristiyanismo ang paniniwala at lumaki sa kapaligiran ng pagka-Katoliko. Ilan sa mga bagay na itinuro sa akin ay ang pagdalo sa lingguhang misa sa simbahan at ang katuruan sa pangungurus (sign of the cross) ¹ sa tuwing may madadaanang simbahan, Mga katuruan upang maghandog ng mga pag-aalay sa mga patron, santo, santa at mga imahen. Mga pagdiriwang at samu't saring mga okasyon tulad halimbawa ng Pista, Mahal na Araw, ang Muling Pagkabuhay (sa pagkamatay ni Hesus sa krus), Pasko (kapakanakan ni Hesus) at marami pang iba. Nandiyan din ang tinatawag na First Communion at ito ay ginagawa sa isang bata sa kanyang pagsapit sa edad na siyam na taong gulang upang magampanan daw ng bata at maisakatuparan ang banal na sakramento (holy sacrament) ng Diyos. Kami rin ay naniniwala sa mga pamahiin, isa na rito ang paniniwala sa mga kapangyarihang maipagkakaloob ng mga benditadong mga imahen katulad ng santo ninong maliit na nakabalot sa pulang tela at pinaniniwalaan namin na kami ay mailalayo nito sa anumang panganib na aming kakaharapin.

¹ . ito ayon sa katuruan ay simbolo ng pagbibigay galang at paggunita sa pagkakapako (daw) kay Hesus sa krus sa kadahilanang upang tubusin ang sangkatauhan sa kanilang manang kasalanan.

Mga Saligan ng Paniniwala ng Sektang Katoliko:

Una: Isa sa pinakadiwa ng paniniwalang Katolisismo ay ang paniniwalang ang Diyos ay nahahati sa "**tatlong persona**", (Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Espiritu Santo) na kinikilala bilang doktrina ng "**Trinidad**" (Doctrine of the Divine Trinity).

Sa Bibliya ay ating matatagpuan ang ilang mga talata na nagpapatunay di umano sa paniniwalang ito:

"Sapagkat tatlo ang may hawak ng talaan sa langit, ang Ama, ang Salita, at ang Espiritu Santo: at ang tatlong ito ay iisa. At may tatlong nagpapatotoo sa lupa, ang Espiritu, at ang tubig, at ang dugo: at ang tatlong ito ay nagkakaisa"²

Isa pang talata na nagbabanggit na tumutukoy di umano sa Trinidad ay nagsasabi ng ganito:

"Bautismuhan ninyo sila sa Ngalan ng Ama, Anak at ng Espiritu Santo".³

Pangalawa: Ay ang katuruan o paniniwala na si Hesus ay napako at namatay sa Krus.

Ayon sa aking obserbasyon ay mapupuna natin na saan man tayong simbahan ng Katoliko magpunta ay makikita ang Imahen ni Hesus na nakapako sa krus, ito

² . 1 Juan 5:7 – 8

³ . Mateo 28:19

ay nangangahulugan lamang na isang matatag na paniniwala ng isang Kristiyano na si Hesus ay namatay at naipako sa krus. Sa Bibliya ay mababasa ang ilang mga talata na nagpapatunay hinggil dito:

"Sinabi sa kanila ni Pilato, 'Kung gayon, ano ang gagawin ko kay Hesus na tinatawag na Kristo?' Sumagot ang lahat... 'Ipako sa Krus!'"⁴

Gayundin sa kanyang pagkamatay ay nasasaad sa Bibliya na:

"Muling sumigaw si Hesus at nalagutan siya ng hininga..."⁵.

lilan lamang ito sa mga patunay sa paglelehitimo nila sa katuruan ng Trinidad at ng pagkakapako at pagkamatay ni Hesus sa krus na pinanghahawakan at patuloy na itinituro ng ilang mga namumuno ng iba't ibang sekta ng Kristiyanismo, na noon ay aking pinag-isipang mabuti, kung "ito ba ay isang matatag na katuruan na dapat panghawakan at sandigan?"

Pangatlo: Sa pananampalatayang Katolisismo, ay nandoon din ang mga pag-alay at pagsamba sa mga santo at santa, mga patron at Imahen. Sari-saring mga tradisyon din ang aming ipinagdiriwang at mga

⁴ . Mateo 27:22

⁵ . Mateo 27:50

pamahiing walang tiyak na pinagmulan bagkus ito ay nababalot sa mga alamat at haka-haka lamang ng tao. Bilang katiyakan, ako ay hindi nag-atubiling magtanong sa ilang mga pinuno ng simbahan tungkol dito subalit nagmungkahi ang ilan sa kanila ayon sa kanilang paniniwala ay hindi raw nila sinasamba ang mga ito maliban sa ito ay ginugunita lamang sila bilang pagbibigay galang sa kanila, dahil ayon sa kanilang mga paliwanag, ang imahen o mga patron ay mga taong naging di umano ay kabahagi sa buhay ni Hesus o di kaya ay isang taong tapat na naglingkod kay Hesus at namatay na isang martir. Ang iba naman ay mga taong tapat na naglingkod sa simbahan at taongbayan kaya sila ay pinarangalan bilang isang santo o santa o patron, at ginawan ng rebulto at itinayo sa kani-kanilang mga simbahan o bahay sambahan. Ang ilan naman sa aking mga napagtanungan ay nagsawalang kibo na lamang dahil sa tiyak na kakulangan ng kaalaman sa punto ng aking mga katanungan at sinabihan lang ako na huwag ko nang alamin pa ang mga bagay na hindi ko alam at hindi maintindihan, kaya mas mabuti na lang daw sa akin ang sumunod na lamang kung ano ang nakagawian na.

Patungkol naman sa mga tradisyon at ilang mga pamahiin, ito ay nakagisan na lamang at ipinamana na ng mga nauna o ng mga nakatatanda sa amin at hindi na binigyan ng pansin kung ano o bakit ito ginagawa, at ang iba naman daw ay may mga kadahilanan o may pinagmulan kaya ipinagdiriwang, ngunit ito marahil ay

walang kaugnayan sa pagsamba at sa pagpapanatili ng isang matatag na pananampalataya.

Ang aming paglipat mula sa sektang pagka-Katoliko sa Baptist (Born Again) Christians:

Sa layuning mapagtibay ang aming paghahanap ng isang wasto at matatag na pundasyon sa pananampalatayang Kristiyanismo, ako kasama ng aking buong pamilya ay lumipat mula sa sektang pagka-Katoliko sa sekta ng mga Baptist (Born Again) Christians. Sa kadahilanang ang kanilang mga paliwanag ay nagustuhan ng aking ama, at naging malakas na bagay na nagtulak sa aming pamilya upang tangkilikin ang kanilang mga pag-anyaya (sa pananampalatayang Baptist [Born Again] Christian). Mula noon ay maraming mga pagbabago ang naganap sa aking sarili at sa aming pamilya. May mga karagdagan at pagbabago sa mga tradisyong Katolisismo sa mga katuruang Baptist. Kami sa pananampalatayang Baptist (Born Again) Christians ay tinawag na mga "Bagong Kristiyano" (Renewed Christians). Ang pakiramdam ko sa pananampalatayang ito ay lalo akong naging malapit sa Diyos at sa mga gawaing simbahan. Hindi nagtagal ang aking Ama ay naging isa sa mga pinuno ng aming simbahan at hindi kalaunan ay naging isang ganap ng Pastor. Naging miyembro na rin ako ng iba't ibang grupo ng mga kabataan sa aming simbahan na nagpapalaganap ayon sa aming paniniwala ay mga salita ng Diyos at mga

katuruan ni Hesus. Dito sa aking isipan ay naging panatag ang aking kalooban sa pag-aakalang ito na ang tamang daan na makapagligtas sa akin sa mga kaparusahan sa Impiyerno at makapagbibigay gabay sa akin upang makapasok sa Paraiso.

Mula sa kagustuhan ng Allah ﷻ, hindi nagtagal ay nakaharap ko na rin at naranasan ang buhay ng isang may pamilya. Mula noon ay napapansin ko at nararamdaman ko sa aking sarili na parang bumababa ang aking pananampalataya sa Diyos at maaaring ito ay sanhi ng mga suliraning aking nakaharap at mga pagsubok na aking dinaanan sa pagiging ama ng tahanan. Sa kabila nito ay naisipan kong dumulog sa Diyos sa pamamagitan ng pagbibigay pansin sa isang mataimtim at seryosong pagbabasa ng Bibliya sa pag-aakalang makapagdudulot sa akin ng malawak na pang-unawa at makatutulong sa akin upang maka-ahon mula sa isang parang malakas na unos na tumatangay sa aking pananampalataya mula sa liwanag patungo sa bangin ng kadiliman. Subalit habang lumalalim ang aking pagsasaliksik ay lalong dumadami ang mga turo at aral (ng Bibliya) na sumasagabal sa aking kaisipan, kaya lalong nabuo ang mga hindi maiwasang pag-aalinlangan at mga karagdagang katanungan na dapat magkaroon ng sapat na mga kasagutan para manumbalik ang lakas at kalusugan ng aking pananampalatayang pagka-Baptist (Born Again) Christian.

*Ang Aking Paglalakbay....
Mula sa dilim patungo sa*

رحلتي...
من الظلمات إلى النور

***Ang aking pananampalataya sa pagka-Baptist
(Born-Again) Christian:***

Sa pagpapatuloy ng aking paglalakbay ay akin namang pinaghambing ang katuruang Katolisismo sa doktrina ng **Baptist(Born Again) Christians**, napag-alaman ko sa pamamagitan ng isang masusing pagsasaliksik ay halos hindi nagkakalayo ang kani-kanilang mga doktrina at katuruan. May iilan lamang na katuruan ng Katolisismo ang tinalikuran na ng Baptist, katulad ng pagkilala sa mga Patron at Imahen, ang pagdiriwang ng Mahal na Araw at Pista ay hindi na isinasagawa pa ng isang Baptist. Nakatuon na lamang ang paniniwala nito sa Bibliya, dito matatagpuan di umano ang salita ng Diyos at mga katuruan ni Hesus, wala na dito ang katuruan ng Trinidad bagkus ang pinaniniwalaan na lamang ay ang pagkakatawang tao ng Diyos sa pamamagitan ni Hesus at ang paniniwalang si Hesus ay isang bugtong na anak ng Diyos na naipako at namatay sa krus upang tubusin ang kasalanan ng sanlibutan.

Pinagpatuloy kong basahin at pag-aralan ang Bibliya sa kadahilanang nais kong mapatunayan ang katotohanan at katatagan ng mga katuruang itinuturo ng aming mga Pastor at Ministro partikular sa pananampalatayang Baptist Christians, at aking natagpuan ang ilang mga talatang ito:

"Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggang"⁶

"Ang nananalig sa Anak ay may buhay na walang hanggang; ngunit ang hindi tumatalima sa Anak, hindi magkakaron ng buhay—mananatili sa kanya ang poot ng Diyos"⁷

Ang mga talatang ito ay naging basehan sa pagpapatotoo na si Kristo ay isang bugtong na anak ng Diyos at dito rin nagmula ang paniniwalang si Hesus ang tagapagligtas ng sanlibutan at ang kaligtasang ito ay iyo lamang matatamo kung iyong kikilalanin at tataganggapin si Hesus bilang iyong Panginoon at tagapagligtas na tulad ng nasasaad:

"Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko"⁸

Marahil ito rin ang dahilan kung bakit sa bawat pagdarasal ng isang Baptist ay umaasang maaaring mabigyan ng katuparan ang kanyang mga pagsamba sa pamamagitan lamang ng pagsambit ng mga katagang "Sa

⁶. Juan 3:16

⁷. Juan 3: 36

⁸. Juan 14:6

pangalan ni Hesus" sa tuwing magtatapos ang bawat panalangin sa paniniwalang si Hesus ay isang tagapamagitan sa Diyos at tao at ang paniniwalang si Hesus at ang Diyos ay iisa, kagaya ng nabanggit sa isang talata na nag-wika si Hesus... "***Ang Ama at Ako ay iisa***" at sinabi rin ni Hesus na: "***Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa***"⁹

Muli, iilan lamang ito sa mga talatang mula sa Bibliya na aking sinaliksik na nagbibigay umano ng mga katibayan hinggil sa pagkamakatotoo ng aming paniniwala sa pagkakaisa ng Diyos at ni Hesus, at sa pagiging bugtong na anak ni Hesus, ang pagkakapako kay Hesus sa krus at sa kanyang pagiging Panginoon at tagapagligtas sa sangkatauhan.

Ang iniisip ko ay "***paano kung si Hesus ay hindi anak ng Diyos, hindi namatay upang tubusin ang ating mga kasalanan at paano kung si Hesus ay hindi siya ang tinatawag na taga-pagligtas natin?***"

Ang aking paglipat mula sa Baptist (Born Again) sa sekta ng PBMA (Philippine Benevolent Missionaries Association):

Dumating sa akin ang mga pamamahayag at mga paanyaya ng isa pang samahang Kristiyanismo na dito ay may kakaibang mga doktrina at hindi pinipili kung ano ang relihiyon ang mayroon sa iyo (non-sectarian group),

⁹ . Mateo 27:18

ang kanilang pinanghahawakang prensipyo ay kailangan lamang na nakahanda ang isang tao para mag-lingkod sa Diyos at sa kapwa na walang hinahangad na anumang kabayaran o kapalit, ito ay ang Philippine Benevolent Missionaries Association Inc. (PBMA). Nagmula ang grupong ito sa Mindanao sa pook ng San Jose Dinagat Island, Surigao del Norte na itinatag at pinamunuan ng isang tinatawag na "DIVINE MASTER".¹⁰

Ang aming paniniwala noong ako ay nasa samahan ng mga PBMA (Philippine Benevolent Missionary Association) na isa ring sekta ng Kristiyanismo.

Sa samahang **PBMA**, dito ay isang makabago at kakaibang paniniwala at doktrina ang aking naranasan. Ilan sa mga kadahilanan at layunin di umano kung bakit nabuo ang PBMA ay ang mga sumusunod:¹¹

- Ginawa ni Divine ,aster ang asosayong ito alang-alang sa pangako sa banal na Ama (Diyos) na nagsabi "**Kung sino man ang nakakilala sa akin at 'yong naniniwala**

¹⁰ . Ito ay si Ruben Ecleo Sr. at kinikilala bilang isang mensahero (daw) ng Diyos at namatay noong taong 1988 at ang pumalit dito ay ang kanyang panganay na anak na si Ruben Ecleo jr. na kinikilala bilang "MASTER" na siya namang tagapag-aliw daw sa sangkatauhan habang hinihintay ang araw ng pagbabalik ni Hesus.

¹¹ . Ang mg sumusunod ay sipi mula sa kanilang aklat, " The Guidance Series" part 2 pages 2 & 3."

sa aking kapangyarihan ay makapaninirahan sa daigdig".¹²

- Nilikha ito hindi para sa katapusan ng daigdig dahil ang daigdig ay walang katapusan.¹³
- Dahil ito (Pilipinas) ay ang bansang pinili daw ng ***Spiritual Division of God*** na ang mga Pilipino ay magiging guro sa buong mundo.¹⁴
- Upang tayo ay maligayang maninirahan sa mundong ito.¹⁵
- Nilikha ito alang-alang sa mga taong nagdaramdam at naghahanap ng mga katotohanan kung nasaan ang Diyos.¹⁶

Bukod dito ay may mga paliwanag din na nagsasaad kung ano nga ba ang PBMA, at ayon na rin sa katuruan nito, ang PBMA ay:

- Isang banal na kongregasyong nilikha ni Divine Master Ruben E. Ecleo, Sr.¹⁷
- Ito ay isang samahang nagbibigay ng wastong pamamaraan sa pagdarasal, pagsakripisyo at pagpapakumbaba.¹⁸

¹² . "The Guidance Series no. 1 part-2, page 1.

¹³ . "The Guidance Series no. 2 part-2, page 1.

¹⁴ . "The Guidance Series no. 8 part-2, page 1.

¹⁵ . "The Guidance Series no. 21 part-2, page 3.

¹⁶ . "The Guidance Series no. 27 part-2, page 1.

¹⁷ . "The Guidance Series no. 1 part-3, page 1.

¹⁸ . "The Guidance Series no. 4 part-3, page 1.

- Isang pag-aaral ng materyal at espiritual na hindi naisulat at hindi tanyag na gawa ng Diyos.¹⁹
- Ang PBMA ay isang "kaalamang walang gabay na kasulatan".²⁰

Ang Bibliya ay hindi ginagamit at maging ang ibang katuruan ng simbahang katoliko ay di na rin sinusunod tulad halimbawa ng pangungurus, sapagkat hindi na rin daw dito pinaniniwalaan na si Hesus ay naipako sa krus May sariling mga pinaniniwalaan at mayroong mga maka-bagong katuruan ang samahang ito, hindi na kailangan pang gawing basihan ang Bibliya sapagkat ang mga nilalaman daw nito (ang Bibliya) ay mga kuwento na lamang ng nakaraang kasaysayan ng buhay ni Hesus. Gayundin sinabi daw ng Panginoon na **"marami pa ang isusulat ngunit wala ng masusulatan"**, sa kadahilanang sampung bahagdan (10%) lamang ang naitala sa banal na kasulatan (bibliya), Subalit, ang siyamnapung bahagdan (90%)²¹ nito ay hindi na naitala sa banal na kasulatan. Bilang isang PBMA ay isinasakatuparan na lamang daw nila ang mga nilalaman ng Bibliya, ang mga ginagawa ni Hesus at ng kanyang mga desipulo, tulad halimbawa ng pagtulong sa tao sa pamamagitan ng panggagamot. Ang gawaing ito di umano ay gawain ni Hesus at ng kanyang mga kasamahan noong kapanahunan niya at bilang isang kasapi ng samahan ay kinakailangan ito ay iyong

¹⁹ "The Guidance Series no. 6 part-3, page 1.

²⁰ . "The Guidance Series no. 8 part-3, page 1..

²¹ . "The Guidance Series no. 1 & 2 line 12 & 13 part-3, page 2.

isabuhay, gampanan at bigyan ng katuparan sa makabagong panahon sa kasalukuyan, sa madaling salita ay ipinagpapatuloy ng samahang ito ang mga gawain ni Hesus noong siya ay namamalagi pa dito sa lupa. Ang naging huwaran umano ng samahang ito ay ang **apat na sulok ng daigdig** (Four Corners of the World)²², ito ay ang **Silangan, Kanluran, Hilaga at Timog**. Nakuha rin daw ang samahang ito sa **kasaysayan ng Diyos** (Patterned by the History of God)²³, at kasama din sa katuruan ng samahang ito na ang mundo o ang apat na sulok ng daigdig ay pinamumunuan ng **apat na mga malalaking anghel**²⁴ (four big angels) na nakadestino daw sa apat na sulok ng daigdig na sila di umano ang humahawak at nagbabantay sa buong sandaigdig na sila rin daw ang magpaparusa sa sangkatauhan²⁵ kung hindi mag-iingat at makatupad sa mga tungkulin. Mayroong 44,000,000²⁶ daw na mga Espiritu na nagbabantay sa bawat sulok ng mundo na sila rin ay naglilista ng mga mabubuti at masasamang gawain ng mga tao na kinakailangan alayan ng mga panalangin upang maging malakas ang mga ito sa pagtugon kung ito

²² . "The Guidance Series no. 1 part-2, page 4.

²³ . "The Guidance Series" no.6 part 2 page 4.

²⁴ . "The Guidance Series part-2, page 5.

1.) Ruben E. Ecleo Sr. > The Founder and Divine Master.

2.) Dr. Hugh Tovar

3.) Gen. Adriano dela Concepcion

4.) Capt. Caple Jurry

²⁵ . "The Series Guidance" no. 2 line 27 part 2 page 4.

²⁶ . "The Guidance Series no. 3 line 28 part-2, page 4.

ay iyong tatawagin sa oras ng pangangailangan at ang lahat ng mga anghel na ito ayon sa kanilang paniniwala ay kinakailangan ang sumunod sa mga kagustuhan at kautusan ng namumuno dito (si Ruben E. Ecleo Sr.) na siya sa kanyang pagpapakilala ay ***mensahero*** daw ng Diyos at makapagliligtas sa sangkatauhan. Ang dasal na ginagamit dito ay ang wika daw ni Hesus na ***Latin Aramaic***, samu't saring mga salita na nasusulat sa wikang ito ang ginagamit sa panggagamot, pag-iwas sa mga panganib, pag-iwas sa mga masasamang espiritu, depensa sa pakikipaglaban at marami pang iba. Marami ring mga ***kagamitan*** ang ginagamit hindi lamang sa panggagamot kundi sa iba't ibang aspeto pa ng pamumuhay, kasama na rito ang paggawa ng mga orasyon na ibinabalot sa tela o di kaya ay idinidikit sa mga dingding ng kabahayan na magsisilbing pang-alis malas lalo na kung ikaw ay may negosyo at mga medalyong isinusuot na nagsisilbi ring proteksyon sa iyong sarili. Dito nalaman ko rin at itinuro ang ilan daw sa mga pangalan ng Diyos anak na bukod sa pangalang Hesus ay mayroong pang iba tulad ng ***Egloria, Salvador***, at ***Omnipotente***²⁷, gayundin binigyan pangalan din nila ang Diyos Ama at ilan sa mga ito ay ang ***Ik dum Iksukam***²⁸ at ang ***sekretong*** pangalan daw na ***"Rhjemo R.A. Rhjemo"***. Ang tunay na Diyos din daw ay isang ***hangin*** sapagkat siya ay isang ***Espiritu*** na hindi mahipo

²⁷ . "The Guidance Series" part 7 page 5.

²⁸ . "The Guidance Series" part 7 page 5.

at hindi makita. Ang lahat ng mga ito ay aking napag-aralan sa tinatawag na "**College of Mystery**"²⁹, ito ay ang mahiwagang kolehiyo sa loob ng samahan na pinangangasiwaan daw ng Panginoong Diyos at ito ay naitatag sa pamamagitan ng salita (daw) ng Diyos. Ayon din sa mga pahayag ng mga kasapi ng apat na sulok ng mundo ay kanilang winika na **magagawa nila ang isang bagay sa isang kisap mata lamang**³⁰ **at magagawa rin nila ang isang bagay kahit wala itong pinanggalingan mananatili lang daw kami**³¹ **ng tapat sa aming Ministro (Ecleo sr. and Ecleo jr.) at ipinag-utos na ito ay aming susundin sapagkat nasa kanya (Ecleo jr.) ang susi ng langit**³². Mahigpit ding ipinagbabawal sa samahang ito ang mga masasamang bisyo (alak, babae, sigarilyo at sugal) at mga kaugalian na makasisira sa iyong pagiging isang misyonaryo sapagkat kung ikaw ay isang miyembro ng samahang ito ayon sa katuruan ay isa kang kandidato sa posibleng pagiging santo o maaari kang maging santo pagdating sa kabilang buhay, **subalit ang malaking katanungan dito ay "paano na lamang kung ang nagpapatupad ng mga ipinagbabawal na ito ay siya ring gumagawa at lumalabag dito?"**

²⁹ . "The Guidance Series no. 4 part-3, page 3.

³⁰ . Ito ay mula sa kasabihan ni Dr. Hugh Tovar sa "The Guidance Series no. 7 part-3, page3.

³¹ . Ito ay mula sa kasabihan ni Capt.Caple Jurry "The Guidance Series no. 8 part-3, page 3.

³² . "The Guidance Series" part 3 pages 3 & 4.

Para sa mga karagdagang kaalaman tungkol sa tunay na kasaysayan at sa mga ibang katuruan ng The Philippine Benevolent Missionaries Association Incorporated (PBMA) ay basahin lamang ang kanilang mga aklat na may pamagat "Guidance Series to all PBMA Missionaries Part-1 to 40 Questions and Answers Volume 1 at ang "Patterned by the History of God" (Hinango mula sa Kasaysayan ng Diyos)

Ang aking pangangibayong dagat:

Dahil sa pangangailangan ng panahon at bilang ama ng tahananang may obligasyong hindi maitatabi ay napilitan akong maghanap ng mapapasukan upang magampanan sa anumang malinis na pamamaraan ang pangangailangang pinansiyal ng aking mga mahal sa buhay. Sinubukan kong mamasukan para makapagtrabaho sa ibayong dagat subalit sa mga hindi inaasahang pangyayaring mahirap tanggihan dahil sa tindi ng pinansiyal na pangangailangan ay sa Gitnang Silangan ako napunta partikular sa bansa ng Saudi Arabia. Ang Gitnang Silangan ay 95 ka porseyentong mga Muslim ang tao dito at Islam ang kanilang relihiyon at ang bansa ng Saudi Arabia ay 100 ka porseyentong mga Muslim, at Monarkial ang sistema ng kanilang pamahalaan, at Shariah ang batayan ng kanilang hukuman. Ang Gitnang Silangan ay dito nanggaling ang lahat ng mga naging Propeta at Sugo ng Diyos (Allah) at pook kapanganakan ni Hesus ﷺ. Ang pinaka-Sagradong

pook sa ibabaw ng lupa ay ang Kaabah (ang kauna-unahang Bahay) sa Makkah al- Mukarramah ay sa bansa ng Saudi Arabia,

Sa pook ng Arabiya ay mayroong kakaibang mga tradisyon sa pananampalataya at kultura na aking nasaksihan at pinagtakahan na kakaiba sa aking kinagisnang pamumuhay, Tradisyon sa pananampalataya at kultura. Halimbawa na lamang ay ang kultura sa kanilang pananamit, ang karamihan sa mga kalalakihan sa kanila ay nakasuot ng mahabang (mapuputing) damit na katulad ng sa damit ng mga pinuno (pari) ng simbahang Katoliko at ang mga kababaihan naman ay balot na balot sa kanilang mga kasuotan mula ulo hanggang paa (abaya at hijab) na ang kasuotang ito ay kahawig sa kasuotan ni Birheng Maria na noon ay kinikilala kong ina ng Diyos. Napuna ko rin sa mga kapaligiran nito ang tanda ng katahimikan at mapayapang pamumuhay na nagpapatunay na ang bansang Arabiya ay isa sa may pinakababang bilang ng krimen sa buong mundo dahil sa kawalan ng mga sinihan, pasugalan (Casino) at mga bahay aliwan (beerhouses, beergardens o discohouses) na siyang pinagmumulan ng hindi magagandang mga gawain, tulad halimbawa ng pag-inom ng alak na pinagmumulan ng sari-saring kaguluhan at kung minsan ay nauuwi pa sa pagsasagawa ng mga krimen (pagpatay sa kapwa, panggagahasa, pagnanakaw atbp). Ako ay nagtaka sa mga pamamaraan ng kanilang pagsamba sa Diyos. Sa tuwing maririnig ko ang isang malakas na tinig (adhan)

mula sa mga tore ng kanilang mga bahay sambahan (mosque) ay may kakaibang pagtanggap ng aking puso at parang may mensaheng ibinubulong at ipina-aabot sa aking maka-esperitwal na katauhan. Napapansin ko rin na ang karamihan sa mga Muslim, ay kapag sumapit ang oras ng kanilang pagdarasal ay tumitigil sila sa anumang kanilang mga ginagawa at nagsasara ang anumang mga uri ng kalakalan at sila ay tutungo sa kanilang bahay sambahan upang isagawa ang pagdarasal tanda ng kanilang pagiging isang masunurin sa pagtugon sa mga panawagan ng Diyos (Allah swt), at ito ay kanilang ginagawa limang beses sa araw-araw.

Hindi ko maiwasang isipin at paghambingin ang kanilang pananampalataya sa aking pananampalataya na isa o dalawang beses lamang sa isang linggo kung magtungo sa simbahan. Nabuo at lumabas mula sa aking mahina at marupok na paniniwala ang isang matinding pag-aalinlangang umuulik-ulik sa aking kaisipan at damdamin, upang bigyan ng daan ang aking sarili na usisain muli ang dati kong pananampalataya dahil nararamdaman kong ito ay may pagkukulang at nananaig mula sa aking sariling pang-unawa na saliksiking muli ng mas maingat at malalim na pagsusuri ang bawat doktrina ng mga napagdaanan kong relihiyon ganun ding ang pinagmulan ng kani-kanilang mga katuruan, sa kadahilanang sinabi ni Hesus na hanapin ang katotohanan dahil ang katotohanan ang siyang magpapalaya sa atin. Marami pa sa aking mga katanungan ang hindi pa nabigyan ng kasagutan na

dapat magkaroon ng sapat na katugunan upang maging malaya sa mga pag-aalinlangan at magkaroon ng kahit munting kapanatagan ang aking musmos na pananampalataya sa Diyos sa landas ng Kristiyanismo. Hindi ako nag-atubiling maghintay pa uli ng panibagong siglo para umpisahan ang paglalakbay sa isang masusi at makabagong pagsasaliksik tungo sa katotohanan at sa awa ng Diyos nandito ang bunga ng aking mga pagsusuri.

Aking nailahad sa abot ng aking makakaya ang mga karanasan, paniniwala at katuruan ng bawat pananampalatayang aking kinabilangan noon at base na rin sa mga pagsasaliksik at pag-aaral na aking ginawa, at kung susuriin nating mabuti ang bawat katuruan ay nandoon parin ang mga katuruang may kalabuan at sa isang may pangkaraniwang pag-iisip ay tiyak mahihirapang unawain ang ilan sa mga katuruang iyon. Kung ating muling babasahin ang aking mga naunang nailahad ay mapupuna natin ang ilan sa mga katanungang aking iniwan, na sa aking palagay ay kinakailangang bigyan ng pagpapahalaga at pagpapaliwanag.

❶ *Ang katuruan at Paniniwala sa Trinidad:*

Ang unang katanungang aking ginawa ay tungkol sa katuruan ng Trinidad, ito ba ay nagmula sa Bibliya at galing sa turo at aral ni Hesus?

Ito ay sinagot ng Bibliya sa *Juan 5:7-8*, na ang sinabi ay:

"ang Ama, ang Salita, at ang Espiritu Santo: at ang tatlong ito ay iisa,"

Subalit ang talatang ito ay (sa ngayon) inalis na doon sa *Revised Standard Version* ng 1952 at 1971, at sa iba pang Bibliya sapagkat ito, ayon sa iilang mungkahi ng ibang mga pinuno ng simbahan ay isa lamang *Komentaryo* na nakapasok sa *Tekstong Griyego*. Isang halimbawa nito ay mababasa natin sa *New American Standard Bible* ang talatang kahawig nito sa **Juan 5:7-8** na rin ay nagsabi ng ganito:

"At itong Espiritu ay nagpapatotoo, dahil ang Espiritu ay katotohanan. Sapagkat mayroong tatlo na nagpapatotoo, ang Espiritu, ang tubig, at ang dugo, at ang tatlong ito ay magkasundo"

Matatagpuan din natin ito sa *The New World Translation of the Holy Scriptures* na ginagamit namang Bibliya ng mga Jehovah's Witnesses na nagsasabi ng ganito:

"Sapagkat may tatlong saksi, ang espiritu, ang tubig at ang dugo, at ang tatlo ay nagkakaisa."

Nauunawaan ko kung hindi ninyo nalalaman ang mga mahahalagang bahaging ito na inalis, at ipinagtataka ko lamang na kung bakit ang mga pinuno ng simbahan ay hindi ito nalalaman, akin ring napuna na iisang talata ang pinanggalingan sa tatlong magkakaibang bersiyon ng Bibliya at may mga iba't

ibang nilalaman. Saan ko nga ba babasihan ang aking paniniwala? Sa tatlong nagpapatotoo sa langit (ang Ama, Salita, at Espiritu Santo) o sa tatlong nagpapatotoo sa lupa(ang Espiritu, ang tubig at ang dugo)? Ngunit lumabas sa aking pagsasaliksik na ang Trinidad ay malinaw na hindi katuruan ng Bibliya at hindi naisulat ang salitang Trinidad sa kahit anong Bibliya o sa alinmang Diksiyonaryo ng Bibliya. Hindi kailanman nahati sa tatlo ang Diyos at hindi nararapat sabihin ang Ama, ang Anak at ang Espiritu ay iisa. Kung ito ay isasalin natin sa literal na kahulugan ay malabong mapaniwalaan ng sinuman na kapag ginamit mo ang pormulang $1+1+1=1$, samakatuwid, maliwanag na ang katuruang Trinidad ay kailanman ay hindi ipinangaral ni Hesus, at hindi rin niya ito binanggit. Walang kahit ano pa mang batayan sa Bibliya na maaaring matanggap ang katuruan ng Trinidad. Ang doktrinang Trinidad ay maaari nating maipasok lamang sa pamamagitan ng tinatawag na enkarnasyon o ang pagkakatawang-tao, na ito ay isa sa mga paniniwala ng mga sinaunang lahi ng bansang Griyego na sila ay mahilig sa mga alamat at pamahiing galing sa gawa, kaisipan at katuruan ng tao. Kaya sa palagay ko, ang sinumang paniwalaan ang doktrina ng Trinidad ay tahasan niyang itinanggi ang katuruan ni Hesus.

Ayon sa Biblia sa **Juan 5:37**:

"At ang Amang nagsugo sa akin ay nagpatotoo rin sa akin, Kailanma'y hindi ninyo narinig ang Kanyang tinig at nakita ang Kanyang mukha"

1Timoteo 6:16 "Hindi Siya nakita o makikita ninuman, Sa Kanya ang Karangalan at ang walang hanggang Kapangyarihan"

Base sa mga nabanggit kong mga talata sa itaas, ay kung pagtutuonan natin ito ng pansin ay mahirap ipaliwanag ang paniniwala na ang Ama o ang Diyos ay nagsakatawang-tao, ganun din ang katayuan ng mga rebulto at imahen o mga larawang inanyuhan ng tao sa katuruan ng Trinidad kung ito man ay totoo, hindi ba ito ay sumalungat sa mga nabanggit sa itaas? at sa anong kadahilanang gamitin ang mga ito sa ating mga paghingi at panalangin sa Diyos?

Ayon sa **Isaias 44:9-11 at 18-19** ay nagwika ng ganito:

"Walang kuwentang tao ang mga gumagawa ng mga rebulto; at walang kabuluhan ang mga diyus-diyosan na kanilang pinahahalagahan, mga bulag at hangal ang sumasamba sa mga ito, kaya sila ay mapapahiya...Walang maidudulot na mabuti ang paggawa ng rebulto para sambahin... Tandaan ninyo ang sumasamba sa mga ito ay mapapahiya lamang... Ang mga taong iyon ay mga mangmang at hindi inunawa ang kanilang mga ginagawa. Tinakpan nila ang kanilang mga mata at sinarhan ang kanilang mga isipan sa katotohanan... Hindi nila inisip na ang kaputol ng ginawa nilang rebulto ay ginamit sa panluto sa tinapay at karneng kanilang kinain. Hindi man lamang nila

*Ang Aking Paglalakbay....
Mula sa dilim patungo sa*

رحلتني...
من الظلمات إلى النور

*itananong sa kanilang sarili kung kaya karumaldumal
ang sumamba sa isang pirasong kahoy"*

Exodus 20:3-4

"Huwag kang magkakaroon ng ibang diyos sa harap ko... huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuhan o ng kawangis man ng anyong nasa itaas ng langit o ng nasa ibaba ng lupa, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa."

Mula sa mga talatang ito ng Bibliya, kahit masakit kung tanggapin ay halos hindi ako makapaniwala sa mga babalang nagmumula sa bibliya kaya lalong nadagdagan ang aking layunin upang ipagpatuloy kong mabuti ang pagsasaliksik at pagsusuri alang-alang sa katotohanan at para sa aking kaligtasan at kaligtasan na rin ng lahat ng Kristiyano sa Araw ng Paghuhukom upang huwag masunog sa Apoy ng Impiyerno.

Ang katuruang pagkakapako at pagkamatay sa krus ni Hesus:

Ang katuruang pagkakapako at pagkamatay ni Hesus sa krus ay isa na rin sa mga matatag na pinanghahawakang doktrina ng Kristiyanismo, ay dito sa paniniwalang ito nabuo ang pananampalatayang Kristiyanismo. Dahil ayon sa katuruan ng pagkakapako at pagkamatay ni Hesus sa krus ay isang pagsasakripisyong handog daw ng Ama sa pamamagitan ng Kanyang

bugtong na anak (si Hesus) upang tubusin ang kasalanan ng sanlibutan ay mga paniniwalang hindi ko kayang tanggapin sa maraming dahilan. May mga katanungang namumuo sa aking kaisipan, kung gaano katotoo ang paniniwalang ito? Sa awa ng Diyos ay ganito ang aking natagpuan sa **Lukas 22:42**(at ito ang panalangin ni Hesus):

"Ama (ko)", wika niya (Hesus). "Kung maaari ay ilayo mo sa akin ang sarong ito. Gayunma'y huwag ang kalooban ko ang masunod, kundi ang kalooban mo."

Hebreo 5:7 (ang kasagutan sa panalangin ni Hesus):

"Noong si Hesus ay namumuhay rito sa lupa, siya ay dumalangin at lumuluhang nagsusumamo sa Diyos na makapagligligtas sa kanya sa saro ng kamatayan... at dininig siya sa lubusan siyang nagpakumbaba."

Mateo 7:7-11

"Humingi kayo, at kayo ay bibigyan; humanap kayo at kayo ay makasusumpong; kumatok kayo at ang pinto ay bubuksan; Sapagkat tumatanggap ang bawat humihingi, nakasusumpong ang bawat humahanap, at binubuksan ang pinto sa bawat kumakatok. Bibigyan ba ninyo ng bato ang inyong anak kung humihingi ng tinapay? Bibigyan ba ninyo ng ahas kung humihingi ng tinapay? Kung kayong masasama ay marunong magbigay ng mabubuting bagay sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Amang (Diyos) na nasa langit? Ibibigay niya ang mabubuting bagay sa mga humihingi sa kanya."

Mula sa mga talatang ito ay maliwanag na ito ay nagpapatunay sa isang matatag na patotoo na si Hesus ay hindi namatay dahil dininig ng Ama ang kanyang panalangin.

Katuruan tungkol sa pagka-pagiging bugtong na anak ng Diyos kay Hesus:

Marahil, ang katuruang ito ay isa sa pinakahaligi ng mga katuruang Kristiyanismo dahil kung alisin ang katuruang ito ay maaaring hindi maitatayo at hindi maitatag ang pananampalatayang ito. Ang tanong ko sa aking sarili ay gaano katotoo ang doktrinang ito? Nang dahil ba sa pagkakapanganak kay Hesus na siya ay walang ama? Kung ito ang dahilan, ay maaari na ring ituring na si Adan na walang ama at ina at si Eva na walang ina ay mga anak na rin ng Diyos, samakatuwid, kung ito ay matatanggap ay nangangahulugang si Hesus ay hindi bugtong na anak ng Diyos. Subalit natagpuan ko ang ibang mga kasagutan nito at mababasa natin sa **Mga Awit 2:7** ang ganito:

"...Ikaw ay aking anak (David), sa araw na ito ay ipinanganak kita.."

1Cronica 22:10

"...Siya ay magiging aking anak (Solomon) at ako'y magiging kanyang ama..."

Mateo 5:44-45

"...Ibigin ang inyong kaaway upang kayo ay maging anak ng inyong amang nasa langit"

Mateo 5:9

"Mapapalad ang mga mapagpayapa sapagkat sila ay tatawaging anak ng Diyos"

Mula sa mga talatang aking nabanggit ay nagpapatunay na hindi bugtong na anak si Hesus. Ang katawagang ito (anak ng Diyos) ay ginamit sa wikang **Hebreo** na ang tunay na kahulugan ay yaong **taong mabuti** at ganap na **sumasampalataya** sa Diyos. Isang maliwanag na katotohanan na ang "**anak ng Diyos**" ay pagsasaad ng pagmamahal at pagsunod sa Diyos, at si Hesus ay walang alinlangang isa sa mga nagmamahal at sumusunod ng ganap sa kagustuhan ng Dakilang Manlilikha.

Sa lahat ng aking ginawang paglalahad, pag-aaral at pananaliksik sa bawat doktrina ng mga sektang aking pinagdaanan ay dito sa PBMA lang ako nakadama ng malaking pag-aalinlangan at nabuo ang maraming katanungan sa mga katuruan at doktrinang aking pinanghahawakan noon. Una na rito ang pagiging lehitimo ng sinasabing pagka-mensahero daw ng kasalukuyang namumuno dito (Ecleo Jr.) na minsan ay kinikilala na ring Diyos na may sapat daw na kapangyarihang mapangyari ang lahat ng kanyang naisin, at tinaguriang siya rin daw umano ang may hawak ng **susi ng langit**. Naitanong ko sa aking sarili kung ano-ano

nga ba ang mga katangian na dapat kong isaalang-alang upang makilala ang isang mensahero ng Diyos, ilan sa aking mga napagbasihan ay ang mga tanyag at dakilang Sugo (mensahero) at Propeta ng Diyos na sina **Abraham, Moses, Noah, David, Solomon, Hesus, at Muhammad** (sumakanilang lahat nawa ang kapapayapaan). Sila, ayon sa aking pagaaral sa kani-kanilang mga buhay ay kinakitaan na ng mga palatandaan ng kanilang pagka-Propeta kahit noong sila ay mga bata pa lamang. Tulad halimbawa ng pangyayari sa buhay ni Propeta Abraham na sa murang edad ay hindi na niya tinanggap ang katuruan at paniniwala ng kanyang mga magulang patungkol sa pagsamba at pagkilala sa mga rebultong diyus-diyosan, ganun din si Propeta Hesus na sa kanyang kabataan ay ipinahahayag na niya na walang karapatdapat na sambahin kundi ang nag-iisang Diyos lamang. Kaya nga kahit minsan sa kanilang buhay at habang sila ay dumarating na sa wastong gulang ay hindi sila gumawa ng mga bagay na magsisilbing dumi sa kanilang pagkatao hanggang sa dumating ang takdang panahon ng kanilang pagiging ganap na Sugo at Propeta ng Diyos. Akin ding natuklasan na sa nagdaang iba't ibang henerasyon na kanilang pinamunuan at pinagpahayagan ng kani-kanilang mga mensahe ay mayroong isang katuruang kanilang ipinatutupad sa sangkatauhan na hindi nabago, at ito ay ang **kumilala, maglingkod, tumalima, sumunod, at sumamba** lamang sa **nag-iisang Tagapaglikha**. Isa man sa mga tapat at dakilang Propetang ito ay kailanman hindi nagturo na

silang ay sambahin o nagsabing ang espiritu ng Diyos ay nasa kanila, hindi rin nila inako na sila ay Diyos na nagkatawang tao at hindi kailanman nila ipinahayag na sila o nasa kanila ang susi ng kalangitan. Gayundin naman sa bawat mensaherong ito ay may mga matitibay na basehan ng kanilang katuruan at batas sapagkat ang bawat isa sa kanila ay may mga **Kasulatang** (aklat) dala-dala na ipinahayag mismo sa kanila ng nag-iisang Tagapaglikha sa pamamagitan ni Anghel Gabriel, ilan dito ay ang **Kalatas** Abraham), **Taurat** (Moses), **ang Psalmo** (David), at **Ebanghelyo** (Hesus). Kaya naman papaano ko na lamang masasandigan ang isang samahang nagsasabing sila ay may "**kaalamang walang gabay na kasulatan**"? Kaya tanong ko sa aking sarili ay "**saan galing ang mga katuruang kanilang itinuturo at ipinahahayag**"? Sinasabi din na ito ay base daw sa kasaysayan ng Diyos, kung magkaganon ay "**nasaan at ano ang kasaysayan ng Diyos?**". Ako rin ay lubos na nagtaka sa katuruang ang Diyos daw ay isang hangin at espiritu na hindi ko puwedeng makita at mahipo na siya namang dahilan kung bakit ang espiritu ng Diyos daw di umano ay sumasalin-salin at gumagamit ng iba't ibang tao upang maipahayag ang kanyang mensahe. Nabuo sa aking isipan na diba't mas madali para sa Diyos ang lumikha na lamang ng isang taong matuwid na siyang magpapahahayag ng lahat ng Kanyang naisin? Ayon din sa aking napag-aralan, ang Diyos ay walang pinagmulan at walang Siyang katambal at kaagaw sa Kanyang mga katangian, kaya para sa akin ay mahirap na ituring natin

na Siya ay hangin o di kaya ay espiritu sapagkat ito ay nagpapababa ng Kanyang katayuan bilang isang Tagapaglikha at malaking kalapastanganan ito sa Kanyang walang hanggang kadakilaan na Siya ay ating ihambing sa mga bagay na Kanya lamang nilikha. Ang Diyos ay dakila at lubos na makapangyarihan gayundin ang kanyang mga Sugo at Propeta, sila ay mga taong **matapat, matuwid, malayo sa ano mang pagkakasala at mapagkakatiwalaan.** Kaya ang tanong ko muli sa aking sarili kung tunay nga na ang pangkasalukuyang namumuno sa samahang ito ay mensahero ng Diyos, nasa kanya ba ang mga katangiang ito? kanya bang sinusunod ang batas at katuruan ng mga naunang Sugo at Propeta na walang dapat sambahin kundi ang nag-iisang Tagapaglikha lamang? Ano ang kapahayagang kanyang dala at saan galing ang kanyang mga katuruan? Sumunod na aking pinagtakahan ay ang salitang ginagamit na di umano ay ang salita daw ni Hesus (mother tounge of Jesus) na "**Latin Aramaic**" na sa aking pagsasaliksik at pagtatanong ay walang salitang katulad nito, dahil ang **Latin** at **Aramaic** ay dalawang **magkaibang** uri ng salita (language) at hindi ito puwedeng pagsamahin. Aking muling binalikan ang kasaysayan ng mga dakilang Propeta at inalam ko ang kanilang mga salitang gamit noong kanilang kapanahunan at aking natuklasan na ang ilan sa mga ito ay **Hebreo, Aramaic, at Arabic** at ito ay tinatawag na mga simetikong salita (simetic languages), na ang bawat salita na ito ay may kahulugan at paliwanag na hindi

*Ang Aking Paglalakbay....
Mula sa dilim patungo sa*

رحلتني...
من الظلمات إلى النور

katulad sa sinasabing Latin Aramaic na walang katumbas na kahulugan at pagpapaliwanag. Napakahirap para sa akin ang panghawakan ang isang bagay na walang sapat na katibayan at paliwanag lalung-lalo na kapag ang kaligtasan ng aking kaluluwa ang nakataya, kaya muli kong binalikan ang mga doktrina ng samahang ito at aking napagtanto na ito ay malabo, walang sapat na patunay o katibayan at puno ng pag-aalinlangan.

Wala sa aking paghahanap kahit isang talatang nagsasabi na winika ni Hesus na siya ay diyos, maging sinabi ni Hesus na siya ay mamamatay upang tubusin ang ating kasalanan. Bagaman aking lang nakita na palagian niyang binabanggit na iisa lamang ang Diyos na karapatdapat sambahin, dakilain at paglingkuran, at siya (Hesus) ay tao at Propeta lamang ng Diyos.

Ang Islam at Muslim sa aking kaalaman noon;

Ayon sa mga kuwento sa amin, ang relihiyong Islam ay kasama sa mga makabagong relihiyon at alam na rin sa katawagang Muhammadan dahil ito ay itinatag daw ni Muhammad at paganismo ang mga katuruan nito at matatagpuan ang karamihan sa kanila sa parte ng Mindanao at mga Moro o Muslim ang katawagan sa mga tagasunod nito.

Ang mga Moro o Muslim ayon sa katuruan sa amin, ay mga taong sumasamba sa mga diyus-diyosan, sa mga kalikasan at mahilig sa paggagawa ng mga karunungan itim at pinapayagan silang mag-asawa ng marami lalung-

Ang Aking Paglalakbay...
Mula sa dilim patungo sa

رحلتني...
من الظلمات إلى النور

lalo na sa kanilang mga pinuno o datu. Sila, ayon sa mga nababasa sa mga kapahayagan sa atin ay parang mga taong masasama, at gumagawa ng mga gawaing terorismo, kaya labis noon ang aking pakikigalit sa kanila.

Ang tunay na katuruan ng Islam at Muslim;

Mula sa aking sariling kagustuhan at kasama sa aking patuloy na pagsasaliksik para sa katotohanan ay inanyayahan ko ang iba sa mga balik-Islam sa isang mapayapa at bukas na pakikipagtalastasan upang sila ay akaying muli sa dati nilang pananampalataya. Ako ay walang pangambang dumalo sa kanilang mga panayam at walang takot na magtanong sa lahat ng bagay na aking naisipang karapat-dapat itanong. Subalit sa mga hindi inaasahang pangyayari ay hindi ko inaasahang mali pala ang aking kaalaman sa Islam at mga Muslim bagkus puro mga pagbibintang at mga kuwento pala o mga kathang isip laban sa Islam at Muslim at nandito ang kanilang mga paliwanag na may kasamang pruweba mula sa banal na Kor'an at Hadith ng Propeta Muhammad (sknk):

- *Ang Relihiyong Islam ay mahigpit niyang ipinagbabawal ang pagsamba sa mga diyus-diyosan o di kaya ay sumamba sa mga nilikhang bagay o mag-alay para sa iba at hindi para sa Nag-iisang Tunay na*

*Ang Aking Paglalakbay...
Mula sa dilim patungo sa*

رحلتني...
من الظلمات إلى النور

Diyos (Allah). Ito ay mababasa sa banal na Kor'an at sinabi ng Allah:

﴿إِنَّ الشِّرْكَ لَظُلْمٌ عَظِيمٌ﴾

"Katotohanan! ang pagtatambal ng iba (para) sa pagsamba sa Allah ay napakalaking pagkakamali." (Luqman 31:13)

﴿إِنَّ اللَّهَ لَا يَغْفِرُ أَنْ يُشْرَكَ بِهِ وَيَغْفِرُ مَا دُونَ ذَلِكَ لِمَنْ

يَشَاءُ وَمَنْ يُشْرِكْ بِاللَّهِ فَقَدْ ضَلَّ ضَلَالًا بَعِيدًا﴾

"Katotohanan! Hindi pinapatawad ng Allah (ang kasalanang) pagtatambal ng iba (sa pagsamba) sa Kanya. Ngunit Kanyang pinapatawad sa sinuman na Kanyang naisin ang mga kasalanan maliban doon. At sinuman ang magtambal ng iba sa pagsamba sa Allah ay tunay na lubusan nang naligaw ng landas." An-Nisa 4:116

- Ipinagbabawal din ng Relihiyong Islam ang mag-aral, gumawa, tumulong, maniwala o bumisita sa mga taong gumagawa ng mga karunungan itim (katulad ng pangungulam, panggagayuma at panghuhula).

Sinabi ng Allah swt;

﴿وَلَقَدْ عَلِمُوا لَمَنِ اشْتَرَاهُ مَا لَهُ فِي الْآخِرَةِ مِنْ خَلْقٍ﴾

"At katotohanan alam nila na ang sinumang bumili dito (o tangkilikin ito [salamangka, kulam, gayuma, panghuhula at iba pang kahalintulad nito]) ay walang bahagi sa Kabilang buhay." (2:102)

Sinabi ng Propeta ﷺ:

حَدَّثَنَا سَاحِرُ ضَرْبَةٍ بِالسَّيْفِ

"Ang parusa sa mga mangkukulam (witchcraft) ay hahambalusin ng espada."

((مَنْ أَتَى كَاهِنًا فَصَدَقَهُ بِمَا يَقُولُ فَقَدْ كَفَرَ بِمَا أَنْزَلَ عَلَى مُحَمَّدٍ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ))

"Ang sinuman ang bumisita sa mga manghuhula at maniwala sa kanilang mga hula, ay tumatwa o tumanggi sa pagpapahayag (ng Kor'an) kay (Propeta) Muhammad ﷺ."

Iniulat ni Hafsah ؓ na sinabi ng Propeta ﷺ:

مَنْ أَتَى عَرَّافًا فَسَأَلَهُ عَنْ شَيْءٍ فَصَدَقَهُ بِمَا يَقُولُ لَمْ يَقْبَلْ لَهُ صَلَاةٌ أَرْبَعِينَ يَوْمًا

"Ang sinuman ang magtungo sa mga manghuhula at magtanong siya ng mga bagay at paniwalaan ang anuman ang kanyang sasabihin ay hindi tatanggapin ang kanyang mga panalangin sa loob ng apatnapung araw."

- Ipinagbawal din ng Relihiyong Islam ang mang-aapi, manloko at pumatay ng hindi naaayon sa kautusan ng Batas ng Islam o Shariah.

﴿إِلَّا الَّذِينَ عَاهَدْتُمْ مِنَ الْمُشْرِكِينَ ثُمَّ لَمْ يَنْقُصُوكُمْ شَيْئًا وَلَمْ يُظَاهِرُوا عَلَيْكُمْ أَحَدًا فَأَتِمُوا إِلَيْهِمْ عَهْدَهُمْ إِلَىٰ مُدَّتِهِمْ إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ الْمُتَّقِينَ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"(makipaglaban laban sa mga mang-aapi) Maliban sa mga Mushrikun (Politista o mga idolatriya) na may kasunduan sa inyo, at hindi sila naging pabaya sa pagtupad sa kasunduan o di kaya ay tumulong sa inyong mga kalaban. Kaya tuparin ang inyong kasunduan hanggang sa matapos ang taning (ng kasunduan) . Katotohanan, minamahal ng Allah ﷻ ang mga Muttaqoon (matakutin)." (Al-Tawbah 9:4)

﴿وَإِنْ أَحَدٌ مِنَ الْمُشْرِكِينَ اسْتَجَارَكَ فَأَجِرْهُ حَتَّىٰ يَسْمَعَ كَلِمَ اللَّهِ ثُمَّ أَبْلِغْهُ مَأْمَنَهُ ۚ ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ قَوْمٌ لَا يَعْلَمُونَ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"At kung may isa man sa mga Mushrikun (Politista o Idolatriya) ang humihingi sa iyo ng pangangalaga ay tangkilikin mo upang sa gayon ay marinig niya ang Salita ng Allah (ang Kor'an) at samahan

mo (o tulungan) siya hanggang sa makarating sa pook na siya ay ligtas. Iyon ay dahil sa sila ay mga taong walang alam." (Al-Tawbah 9:6)

﴿لَا يَنْهَكُمُ اللَّهُ عَنِ الَّذِينَ لَمْ يُقْتِلُوكُمْ فِي الدِّينِ وَلَمْ يُخْرِجُوا مِنْ دَيْرِكُمْ أَنْ تَبَرُّوهُمْ وَتُقْسِطُوا إِلَيْهِمْ إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ الْمُقْسِطِينَ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Kayo ay hindi pinagbawalan ng Allah ﷻ na makipag-ugnayan nang makatarungan at magiliw sa mga taong hindi nakikipaglaban sa inyo nang dahil sa relihiyon o di kaya ay pinalalayas kayo sa inyong mga tahanan. Katotohanan, minamahal ng Allah yaong mga nakikipag-ugnayan na may kasamang pagka-makatarungan. (Al-Mumtahina 60:8)

Sinabi ng Allah ﷻ :

﴿ذَلِكَ كَتَبْنَا عَلَىٰ بَنِي إِسْرَءِيلَ أَنَّهُ مَن قَتَلَ نَفْسًا بِغَيْرِ نَفْسٍ أَوْ فَسَادٍ فِي الْأَرْضِ فَكَأَنَّمَا قَتَلَ النَّاسَ جَمِيعًا وَمَنْ أَحْيَاهَا فَكَأَنَّمَا أَحْيَا النَّاسَ جَمِيعًا﴾

" Aming ipinag-utos sa Angkan ng Israel, ang sinuman ang pumatay (dahil sa paghihiganti) o di kaya ay upang magpalaganap ng mga kasamaan sa lupa ay parang kanyang pinatay ang buong sangkatauhan. At kung mayroon man ang magligtas ng buhay ay parang iniligtas niya ang buhay ng buong sangkatauhan. " (Al-Maidah 5:32)

- Ang Relihiyong Islam ay mahigpit niyang ipinagbawal sa lahat ng tao ang paggawa ng pangangalunya o pakikiapid dahil ito ay marumi at hindi marangal na gawain bagkus kasalanan sa mata ng tao at sa Diyos. Ang poligamya o pag-aasawa ng higit sa isa hanggang apat lamang ay pinapayagan lamang sa mga lalaki kung ito ay may sapat na dahilan;

﴿فَانكِحُوا مَا طَابَ لَكُمْ مِنَ النِّسَاءِ مَثْنَىٰ وَثُلَّةَ وَرُبْعَ ۚ فَإِنْ خِفْتُمْ أَلَّا تَعْدِلُوا فَوَاحِدَةً أَوْ مَا مَلَكَتْ أَيْمَانُكُمْ ۚ ذَٰلِكَ أَدْنَىٰ أَلَّا تَعُولُوا ۗ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ :

"At mag-asawa sa mga (ibang) babae mula sa inyong kagustuhan, dalawa, tatlo, o apat; subalit kung ikaw ay natatakot na baka ***hindi mo (sila) mabigyan ng katarungan ay*** (mas mabuti sa iyo ang) ***iisa*** o di kaya ay (mag-asawa) sa (mga) babaing nasa inyong pangangalaga o obligasyon (alipin). Iyan ang pinakamalapit na makapagliligtas sa iyo sa paggawa ng hindi makatarungan."

(Al-Nisa 4:3)

Kung pag-iisipan natin ang talatang ito ay makikita natin na ang Allah ﷻ ang nagbigay ng limitasyon na hanggang sa apat na asawa lamang at ang kondisyon ay kailangang mabigyan silang lahat ng pagkakapantay-pantay na katarungan, at kung ito ay hindi kayang

isakatuparan, ang rekomendasyon ng Allah ﷻ ay mabuti para sa iisang asawa lamang (Monogamia).

﴿وَلَنْ تَسْتَطِيعُوا أَنْ تَعْدِلُوا بَيْنَ النِّسَاءِ وَلَوْ حَرَصْتُمْ فَلَا تَمِيلُوا كُلَّ الْمِيلِ فَتَذَرُوهَا كَالْمُعَلَّقَةِ﴾

Sinabi ng Allah ﷻ:

"Kailanman ay hindi mo magagawa na mabigyan ang mga asawa mo nang ganap na katarungan kahit na ito ay marubdob mong minimithi. Kaya huwag masyadong kumiling sa isa sa kanila (na pagkalooban ninyo sila ng mas-maraming oras at panustos) at pabayaang umaasa ang iba." (Al-Nisa 4:129)

Mula sa dalawang talata na ito, ay maliwanag na ang katuruan ng Islam ay umaayon para sa iisang asawa lamang subalit patuloy pa rin na kanyang pinaglalaanan at pinag-iingatang mabigyan ng katugunan ang mga pangyayaring hindi maiwasan at mabigyan ito ng makatarungan at legal na katayuan upang maka-iwas sa mga pagkakasala at sa maaaring krimeng mangyayari.

- **Ang kahulugan ng Islam:**

Ang Islam ay ganap na pagsuko, pagtalima at pagsunod sa (mga kautusan ng) Allah.

- **Sino ang Allah:**

Ang Allah ay pangngalang pantangi ng Diyos at kasama sa mga katangian nito ay "Ang Sinasamba", ito

ayon sa ibang mga pantas sa teolohiyang Islamik, ang kabuuan ng pangalang Allah ay “Al-Ilah” na ang kahulugan ay “Ang Tunay na Diyos.”

Mga Katangian at Palatandaan ng Allah;

Ang Allah ay walang kasarian at pangkaisahan lamang at Siya ay walang katulad:

Sinabi ng Allah:

﴿قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ ۝ اللَّهُ الصَّمَدُ ۝ لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ ۝ وَلَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُوًا أَحَدٌ﴾

“Ipahayag Siya ang Allah, ang Nag-iisa. Allah, ang Walang Hanggan, ang Ganap, Sandigan ng lahat. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak. At Siya ay walang katulad” Al-Ikhlās 112:1-4

﴿لَيْسَ كَمِثْلِهِ شَيْءٌ ۖ وَهُوَ السَّمِيعُ الْبَصِيرُ﴾

“Sa Kanya ay walang makakatulad, at Siya ang lubos na na Nakaririnig at Nakakakita.” (As-Shura 42:11)

﴿هُوَ اللَّهُ الَّذِي لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ عِلْمُ الْغَيْبِ وَالشَّهَادَةِ هُوَ الرَّحْمَنُ الرَّحِيمُ﴾

*Ang Aking Paglalakbay....
Mula sa dilim patungo sa*

رحلتي...
من الظلمات إلى النور

"Siya ang Allah ﷻ, walang diyos maliban sa Kanya; batid Niya ﷻ (ang lahat ng bagay) ang mga nalilihim at nalalantad; Siya ﷻ, ang Mahabagin at Maawain. (Al-Hashr 59:22)

﴿هُوَ اللَّهُ الَّذِي لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الْمَلِكُ الْقُدُّوسُ السَّلَامُ الْمُؤْمِنُ الْمُهَيْمِنُ الْعَزِيزُ الْجَبَّارُ الْمُتَكَبِّرُ ۚ سُبْحَانَ اللَّهِ عَمَّا يُشْرِكُونَ﴾

"Siya ang Allah ﷻ, walang diyos maliban sa Kanya; Ang Hari, Malaya sa lahat ng kapintasan, ang Nagbibigay ng Katiwasayan, Taga-Bantay sa Kanyang mga nilikha, Ang Lubos na Makapangyarihan, Ang Hindi kayang Salungatin o Kalabanin, Ang Supremo. Kaluwalhatian ay para sa Allah ﷻ! Na (ang mga politiesta ay) Siya ay bigyan ng katambal." (Al-Hashr 59:23)

﴿هُوَ اللَّهُ الْخَلِيقُ الْبَارِئُ الْمُصَوِّرُ لَهُ الْأَسْمَاءُ الْحُسْنَىٰ يُسَبِّحُ لَهُ مَا فِي السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضِ ۚ وَهُوَ الْعَزِيزُ الْحَكِيمُ﴾

"Siya ﷻ ang Tagapaglikhang Allah ﷻ. Tagapaglikha sa lahat ng bagay, Taga-hubog, Sa Kanya ang lahat ng Magagandang Pangalan, Ang lahat ng nilalaman ng mga kalangitan at daigdig ay lumuluwalhati sa Kanya. Siya ang Lubos na Makapangyarihan at Lubos na Marunong." (Al-Hashr 59:24)

Islam, Banal na Relihiyon;

• Ang Relihiyong Islam ay hindi makabagong relihiyon bagkus relihiyong likas na galing sa Langit (Divine Religion), pinaka-relihiyon ng lahat ng Propeta ng Diyos. Ang Islam ayon sa kanilang paliwanag ay ang relihiyon mula sa panahon ni Adan, Abraham, David, Moises hanggang sa panahon ni Hesus at Muhammad dahil silang lahat ay mga Muslim³³. Ito ay matatagpuan sa Banal na Kor'an na sinabi ng Allah swt:

﴿إِنَّ الدِّينَ عِنْدَ اللَّهِ الْإِسْلَامُ﴾

"Katotohanan ang **Deen** (Relihiyon [ang panuntunan ng buhay]) sa Allah ay ang Islam (pagsuko at pagsunod sa Kanya)." Al-Imran 3:19

﴿وَمَنْ يَبْتَغِ غَيْرَ الْإِسْلَامِ دِينًا فَلَنْ يُقْبَلَ مِنْهُ وَهُوَ فِي الْآخِرَةِ مِنَ

الْخَاسِرِينَ﴾

³³. "Inyong sabihin, 'Naniniwala kami sa Allah at sa mga ibinaba (kapahayagan) sa amin, at sa mga ipinadala kina Abraham, Ismael, Isaac, Jacob at sa Al-Asbat (labindalawang anak ni Jacob), at sa mga ibinigay kina Moises at Hesus at sa mga ibinigay sa mga Propeta mula sa kanilang Rabb (Panginoon), Hindi kami nagbibigay ng pagtatangitangi sa pagitan ng bawat isa sa kanila at kami ay mga Muslim (sumuko at sumunod sa Allah)." Al-Baqara 2:136

*Ang Aking Paglalakbay....
Mula sa dilim patungo sa*

رحلتني...
من الظلمات إلى النور

"At ang sinumang maghangad ng ibang pananampalataya maliban sa Islam, samakatuwid hindi Niya ito tatanggapin, at sa Huling Araw (Araw ng Paghuhukom) siya ay kabilang sa mga talunan." (Al-Imran 3:85)

Ang Katayuan ni Hesus sa Islam:

Itinuturing kung isang hindi mapapaniwalaan na ang relihiyong Islam ay magtutukoy tungkol sa katauhan, katayuan at mga kabutihan ni Hesus (a.s.) subalit, hindi kapani-paniwala na sa Islam ko natagpuan ang higit na mas-malapit sa katotohanan at magagandang kasaysayan ni Hesus (a.s.), kaya labis ang aking pagkamangha sa mga nakasaad sa Banal na Kor'an.

Sinabi ng Allah swt:

﴿إِنَّ مَثَلَ عِيسَىٰ عِنْدَ اللَّهِ كَمَثَلِ آدَمَ خَلَقَهُ مِنْ تُرَابٍ ثُمَّ قَالَ لَهُ كُنْ

فَيَكُونُ﴾

"Katotohanan! Ang katulad ni Hesus ('Isa) sa (pananaw ng) Allah ay kasingtulad ni Adan (Adam). Nilikha siya mula sa alabok. Pagkatapos, sinabi (ng Allah) sa kanya: Kun (Maging!) Fayakun (at Nagkagayon)." Al-Imran: 3:59)

***Tungkol sa himalang pagkakapanganak kay Hesus
(a.s.):***

"(Tandaan!) Noong sabihin ng mga anghel, "O (Maria) Maryam! Katotohanan ipina-aabot sa iyo ng Allah ang magandang balita ng isang Salita (Maging at nagkagayon) mula sa Kanya. Ang kanyang pangalan ay 'Isa (Hesus) ang Mesias, anak na lalaki ni (Maria) Maryam at (siya ay) may marangal na antas sa mundong ito at sa Kabilang Buhay. At siya ay mabibilang sa mga malalapit (sa Allah). 3:45

"At siya ay magsasalita sa tao (sa pagka-sanggol) mula sa duyan at sa (panahong siya ay nasa) tamang gulang at (siya ay) mabibilang sa mga matutuwid." 3:46

Siya (Mariam) ay nagsabi, "O aking Panginoon! Paano ako magkakaroon ng anak na walang taong (o lalaking) nakagalaw sa akin? Siya ay nagwika, Ganun (mangyayari) sa Allah ay Kanyang (kayang) likhain anumang (Kanyang) naisin. Kapag naitakda Niya ang isang bagay ay Kanya lamang bibigkasin, "Kun" (Maging) "Fayakun" (at Nagkagayon)." 3:47

"At ituturo (ng Allah) sa kanya (Hesus) ang Aklat at ang Hikmah (ang ganap na kaalaman at mabuting pamamaraan sa pagka-Propeta) , (at) ang Taurah (Batas kay Moises) at ang Ebanghelyo." 3:48

"At (gagawin siya (si Hesus na) Sugo sa angkan ni (Jacob) Israel (na nagsasabi), "Katotohanan! Ako (si Hesus a.s.) ay dumating sa inyo na may dalang Ayat (mga Palatandaan) mula sa inyong Panginoon, na ako ay

huhubog para sa inyo ng animo'y hugis ibong mula sa luwad (o putik), at hihipan ko ito at magiging ibon sa kapahintulutan ng Allah (Diyos). At pagagalingin ko ang (mga ipinanganak na) mga bulag, at mga ketongin at bubuhayin kong muli ang patay mula sa kapahintulutan ng Allah (Diyos), At sasabihin ko sa inyo ang anumang inyong kinain at anumang inyong itinabi sa inyong mga bahay. Katotohanan! (mula) dito ay mga Ayat (palatandaan) para sa iyo, kung kayo ay mayroong (tunay na) paniniwala. 3:49

"At ako ay (naparitong) tumalima sa (anumang nilalaman ng) Taurah (o Batas kay Propeta Moises) at ng Injeel (o Ebanghelyo kay Hesus a.s.), at upang bigyan ng pahintulot ang iba sa mga ipinagbawal sa inyo. At ako ay pumarito sa inyo na may kasamang mga Ayat (pruweba at palatandaan) mula sa inyong Panginoon. Kaya matakot sa Allah at sumunod (sa akin)." 3:50

"Katotohanan! Allah ang aking Panginoon at inyong Panginoon, kaya sambahin Siya (na Nag-iisa). Ito ang matuwid na landas." 3:51

"Samakatuwid, ipinagbuntis niya (si Hesus) at siya ay nagpakalayo-layo³⁴." 9:22

"At (dahil) sa sakit ng panganganak, siya'y itinulak nito sa sanga ng kahoy ng palmera. Siya ay nagwika "Sana dapat akong namatay bago ito (mangyari)! At

³⁴. Siya ay nagpunta sa Bethlehem na ito ay humigit kumulang ng apat o anim na milya ang layo mula Herusalem.

sana ako ay (naging bagay na) kinalimutan at nawala sa paningin!" 9:23

"Subalit mayroong (boses) na nanawagan sa kanya na nagmumula sa ilalim (ng puno ng palmera): "Huwag maghinagpis: ang iyong Panginoon ay naglaan ng (para sa iyo ay) dumadaloy na tubig sa iyong ilalim." 9:24

"At kalugin mo ang sanga ng palmera (sa iyong kinaroroonan) , (at) maglalaglagan sa iyo ang mga bungang-hinog ng palmera." 9:25

"Kaya kumain at uminom at matuwa, At kung may makita kang tao, sabihin mo; 'Katotohanan, ako ay nangakong mag-ayuno sa (Allah) Lubos na Mahabagin na (sa araw na ito ay) hindi ako makikipag-usap (sa tao) kaninuman." 9:26

"(Pagkatapos) dinala niya (ang bata) sa kanyang mga tauhan na kinakalung siya (ang bata). Sinabi nila: O Maria! (Maryam) Katotohanan ikaw ay nagdala ng (isang mabigat na) bagay at katakata." 9:27

"O kapatid na babae ni Haron³⁵ (Aaron)! Ang iyong ama ay taong hindi masama o di kaya ang nanay mo ay babaing hindi malinis!" 9:28

" Subalit itinuro niya ang sanggol. Sila ay nagsabi: 'Paano namin makakausap ang isang sanggol na nasa duyan?" 9:29

³⁵. Hindi ito si Aaron na kapatid ni Moises, ito ay kapangalan lang niya at isa ring maka-relihiyosong tao sa panahon ni Maria (Maryam).

"Siya (si Hesus) ay nagwika: "Katotohanan ako ay alipin ng Allah , Kanyang ipinagkaloob sa akin ang Aklat (Mensahe) at ginawang isang Sugo." 9:30

"At ako ay Kanyang ipinagpala, saan man ako naroroon at itinakda sa akin ang pagdarasal at magbigay ng Zakat hanggang ako ay nabubuhay." 9:31

"At (Iniutos Niya sa akin ang) maging masunurin sa aking Ina at huwag maging palalo't malungkutin." 9:32

"At kapayapaan sa araw ng aking kapanganakan, sa araw ng aking kamatayan, at sa Araw ng aking pagkabuhay ng muli!" 9:33

"Ganyan si Hesus (Isa), anak na lalaki ni Maria (Mariam), (siya) ang salita ng katotohanan tungkol sa kanilang (mga bagay na walang kabuluhan) pinagtatalunan." 9:34

"Hindi nararapat sa (Kadakilaan ng) Allah na sa Kanya ay dapat magka-anak, Kaluwalhatian sa Kanya! Kapag mayroon Siyang naisin Kanya lang sinasabi "Kun (maging)" "Fayakun (at nagkagayon)". 9: 35

"(Sinabi ni Hesus) At katotohanan ang Allah ang aking Panginoon at inyong Panginoon. Kaya sambahin Siya (na nag-iisa). Iyan ang matuwid na landas." 9:36]

Si Hesus ay hindi namatay;

Sinabi ng Allah:

"At dahil sa kanilang pagsasabi (ang mga Hudyo nang may pagmamalaki), "Pinatay namin si Mesias Isa (Hesus), na anak ni Maria, ang Sugo ng Allah." Ngunit

siya ay hindi nila napatay, ni naipako sa krus, kundi ang kaanyuan ni Isa (Hesus) ay iniwangis ng Allah sa isa pang lalaki (at ang lalaking yaon ang kanilang napatay). At yaong nagtatalu-talo doon (tungkol kay Isa [Hesus]) ay puno ng pag-aalinlangan (sa pagkakapatay sa kanya). Wala silang (tiyak) na kaalaman, wala silang sinusunod kundi haka-haka lamang. Dahil katotohanan, siya ay hindi nila napatay." An-Nisa 4:157

"Bagkus ay itinaas siya ng Allah sa Sarili Niya³⁶. At ang Allah ay Laging Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos sa Karunungan." An-Nisa 4:158

"At wala ni isa man sa angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano) kundi kinakailangang maniwala sa kanya (Isa[Hesus], bilang isang Sugo ng Allah lamang at isang nilalang) bago (sumapit) ang kanyang kamatayan. At sa Araw ng Muling Pagkabuhay, siya (Isa[Hesus]) ay magiging saksi laban sa kanila." An-Nisa 4:159

Si Hesus ay itinaas sa langit;

"At nagbalak sila (mga Hudyo na patayin si Hesus) at nagbalak din ang Allah (laban sa kanila), at Allah ang higit na mahusay sa pagbabalak." Al-Imran 3:54

"Tandaan! Ng sabihin ng Allah: "O Hesus! Katotohanan, Ako ang babawi sa iyo at itataas kita sa Akin at lilinisin kita (sa mga kasinungalingan) ng mga

³⁶. At siya (si Hesus) ay nasa pangalawang palapag ng mga kalangitan.

yaong lumalapastang; At gagawin Ko ang mga sumunod sa iyo ng higit na nakatataas sa yaong mga tumanggi sa pananampalataya hanggang sa Araw ng Pagkabuhay ng muli; Pagkatapos, sa Akin ang inyong pagbabalik, At bibigyan Ko ng hatol sa pagitan ninyo, ang mga bagay na inyong pinagtatalunan.” Al-Imran 3:55

Si Hesus ﷺ ay Sugo at Propeta ng Allah ﷻ;

Sinabi ng Allah ﷻ;

“O Angkan ng Kasulatan! Huwag lumampas sa hangganan ng inyong pananampalataya, ni huwag magsabi ng anuman tungkol sa Allah kundi katotohanan. Ang Messiah Isa (Hesus), anak ni Maryam (Maria), ay (hindi hihigit kaysa sa) isang Sugo ng Allah at ang Kanyang Salita (Mangyari - at naging ganoon nga siya) na Kanyang ipinagkaloob kay Maryam (Maria) at ang kaluluwa na nilikha Niya. Kung kaya maniwala sa Allah at sa Kanyang mga Sugo. Huwag sabihin ang: “Tatlo (Trinidad)!” Kayo ay tumigil! (Ito ay) higit na mainam para sa inyo. Dahil ang Allah ay (ang tanging) Isang Ilah (Diyos), kaluwalhatian sa Kanya (higit Siyang Nakakataas) nang higit pa kaysa sa pagkakaroon ng anak. Sa kanya ang pagmamay-ari ng lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa lupa. At ang Allah ay Ganap na Sapat bilang Tagapamahala ng lahat ng mga pangyayari.” An-Nisa 4:171

Sinabi ng Allah swt;

"At mula sa kanilang mga bakas ay Aming ipinadala (sa kanila) si Isa (Hesus) anak na lalaki ni Mariam (Maria), Nagpapatotoo sa Taurat (Torah [ang Batas]) na nauna sa kanya, At ibinigay Namin sa kanya ang Injeel (Ebanghelyo), Naglalaman ito ng pamatnubay at liwanag at nagpapatotoo sa pagkauna ng Taurat (Torah) na pamatnubay at (bilang) paalaala sa mga Al-Muttaqun (Maka-Diyos). Al-Maidah 5:46

Ang Anim na mga Saligan ng Paniniwala sa Islam;

1. *Iman Billah* : ito ang paniniwala (na totoong mayroong) Diyos³⁷ (ang Allah ﷻ). Sinabi ng Allah ﷻ:

﴿اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الْحَيُّ الْقَيُّومُ لَا تَأْخُذُهُ سِنَّةٌ وَلَا نَوْمٌ لَهُ مَا فِي السَّمَوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ مَنْ ذَا الَّذِي يَشْفَعُ عِنْدَهُ إِلَّا بِإِذْنِهِ يَعْلَمُ مَا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَمَا خَلْفَهُمْ وَلَا يُحِيطُونَ بِشَيْءٍ مِّنْ عِلْمِهِ إِلَّا بِمَا

³⁷ . Kasama sa mga paniniwala ng mga Kristiyano ay namatay daw ang Diyos dahil Siya ay nagkatawang tao sa katauhan ni HesuKristo at siya ayon sa kanilang katuruan ay namatay sa krus, ganun din ang paniniwala nila na ang Diyos ay nagpahinga daw sa ika pitong araw pagkatapos Niyang likhain ang lahat ng bagay sa loob at labas ng sansinukob. Kaya ang paniniwala ng mga Muslim ay salungat sa paniniwala ng katuruang Kristiyanismo.

*Ang Akting Paglalakbay....
Mula sa dilim patungo sa*

رحلتني...
من الظلمات إلى النور

شَاءَ وَسِعَ كُرْسِيُّهُ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضَ وَلَا يَئُودُهُ حِفْظُهُمَا وَهُوَ

ٱلْعَلَى ٱلْعَظِيمُ ﴿٢٠٥﴾

"Siya ang Allah! walang Diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Kanya, ang Laging Buhay (Al-'Hayy), ang Lubos sa Kasaganaan, Tagapagbiyaya ng Lahat (Al-Qayyum). Ang antok o idlip ay hindi makapangyayari sa Kanya. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng lahat ng bagay sa kalangitan at kalupaan. Sino ba ang maaaring mamamagitan sa Kanya malibang Kanyang pahintulutan? Batid Niya ang nangyayari sa kanila (sa Kanyang mga nilikha) sa daigdig na ito at ang mangyayari sa kanila sa kabilang buhay at hindi kailanman maaarok ang anumang Kaalaman Niya maliban sa anumang naisin Niya. Ang Kanyang Kursi (luklukan o trono [Allahu a'lam]) ay abot ang mga kalangitan at kalupaan. At hindi Siya nakadarama ng kapaguran sa pangangalaga at pagpapanatili sa kanila. Sapagka't Siya ang Kataas-taasan, ang Dakila." Al-Baqara 2:225

2. *Iman bil-Mala-ikat* : ito ang paniniwala na mayroong mga anghel na nilikha ang Diyos (Allah) mula sa liwanag. Sila ay nilikha upang maglingkod sa Allah swt. at kautusan lamang Niya ang kanilang pinakikinggan at sinusunod.

3. **Iman bil-kutob:** ito ang maniwala sa mga Banal na Kasulatan³⁸ na ipinagkaloob ng Allah (swt) sa kKanyang mga dakilang Propeta.
4. **Iman bir-Rusol:** ito ang maniwala sa lahat ng Propeta ng Allah³⁹ ng walang pagtatangi-tangi. Paniniwala na silang lahat ay mga taong malinis at dalisay ang kanilang pagkatao at malaya sa anumang krimeng ipinagbibintang sa kanila.
5. **Iman bil-Yawmil Akhirah:** ito ang paniniwala sa Pinakahuling-Araw o sa Araw ng Paghuhukom o sa Araw ng Pagbabangong-Muli, na tayo ay bubuhaying muli upang panagutan ang lahat nating pagkakasala, at para tanggapin ang anumang kabayaran sa lahat ng kabutihan o kasamaan nating nagawa. Ang masasama ay sa Impiyerno itatapon at ang mga mabubuti ay sa Paraiso papapasukin.

38. Ang mga Banal na Kasulatan ay ❶ Ang Kalatas kay Propeta Abraham, ❷ Ang Batas (Torah) kay Propeta Moises, ❸ Ang Psalmo kay Propeta David, ❹ Ang Ebanghelyo (Injeel) kay Propeta Hesus at ❺ Ang Kor'an kay Propeta Muhammad (sumakanilang lahat nawa ang kapayapaan).

39. Mayroong 25 na mga dakilang Propeta na nakasulat sa Kor'an at ang mga pangalan ay sina Propeta Adam (Adan), Idres (Enoch), Nuh (Noe), Sale'h, Ibraheem (Abraham), Lot, Isma'el, Ishaq (Isaac), Ya'qoob (Jacob), Yusoph, Shu'aib, Ayyub (Job), Dhulkifl (Ezekel), Musa (Moses), Haron (Aaron), Daud (David), Solaiman (Solomon), Ilyas (Elyas), Alyasa (Elisha), Yunos (Jonah), Zakariyya (Zecharias), Ya'hya (John the Baptist), Eisa (Jesus), Mu'hammad.

-
6. *Iman bil-Qadr*: ito ang paniniwala sa ating mga kahihinatnan o kapalaran⁴⁰.

Ang Limang mga Haligi ng Pananampalataya sa Islam;

1. *As-Shahadatayn*: ito ang pagbigkas sa katagang Arabik; "*Ash-hadu alla-ilaha illa-Allah wa ash-hadu anna Mu'hammadan Rasulollah*", ang pagtanggap na ito ay siya ang susi sa pagpasok sa Islam at ang kahulugan nito ay pagsaksi na walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa nag-iisang Tunay na Diyos (Allah) at pagtanggap sa pagka-propeta ni Muhammad. Samakatuwid, ito ay ang ghanap na pagtangga sa mga pagsamba sa mga diyus-diyosan, sa mga imahen o mga rebulto, sa mga buntala at mga nilikhang bagay, ganun din ang mga pagtangga sa mga pag-aalay ng anumang bagay katulad ng pagkatay ng hayop para sa mga santo at santa, patron at sa mga iba

⁴⁰ . Ang tao ayon sa katuruan ng Islam ay dati ng naitala sa Lawh al-Mahfuz (Talaan ng mga kahihinatnan) ang kanyang mga kahihinatnan sa daigdig na ito, subalit ang mga nilalaman nito ay walang nakakaalam maliban sa Allah, kaya bilang Muslim ay karapat-dapat na maniwala sa kanyang kapalaran o kahihinatnan maging masama sa kanyang pangunawa o di kaya ay mabuti para sa kanya ay dapat niyang paniwalaan na ito ay hindi mangyayari maliban sa kapahintulutan ng Allah at iyon ay para sa kanyang kabutihan.

bagkus ang lahat ng uri ng pagsamba at pag-alay ay para lamang sa nag-iisang Tunay na Diyos (Allah).

2. *Iqamus-Salat*: ito ang pagsasagawa sa mga takdang pagdarasal araw-araw ⁴¹.

3. *Ita-uz-Zakat*: ito ang pagbabayad ng Buwes para sa Kawanggawa. ⁴²

4. *As-Sawmu-Ramadan*: ito ang pag-aayuno sa Buwan ng Ramadan⁴³. Pagtitiis na huwag kumain, uminom o sumiping sa asawa mula salatul Fajr (pagdarasal sa umaga) hanggang salatul Magrib (pagdarasal bago magtakip-silim).

⁴¹ . Karapat-dapat sa lahat ng mga Muslim ang magdasal ng hindi bababa ang bilang sa limang mga obligadong pagdarasal sa araw at gabi, ito ang: ① Salatul Fajr (Pagdarasal sa Madaling Araw), ② Salatul 'Thohr (Pagdarasal bago mag-tanghali), ③ Salatul 'Asr (Pagdarasal sa hapon), ④ Salatul Magrib (Pagdarasal sa Takip-silim), ⑤ Salatul Isha (Pagdarasal sa gabi). Subalit bago magdasal ay kinakailangang magsagawa muna ng paglilinis sa katawan, pananamit at dapat na malinis ang pook na doon isasagawa ang isang pagdarasal.

⁴² . Ito ang taunang pagbabayad ng buwes para sa kawanggawa sa mga kayamanang naipon at hindi nagalaw sa loob ng isang taon. Ang halagang dalawa at kalahating porseyento (2 ½ %) ay karapat-dapat na bawasin sa mga kayamanan na ito. Halimbawa; kung nagkaroon ka ng malinis na kinita sa loob ng isang taon ng 1,000 pesos bawasan mo ito ng 2 ½ % ay magkakahalaga lamang ng 25 pesos at ang halagang ito ay sa mga nangangailangan ng tulong mo ipamigay.

⁴³ . Ito ang ika-siyam na buwan sa kalendaryo ng Hijri (Islamic Calendar).

5. *Hajj*⁴⁴: ito ang pagsasagawa sa isang obligadong banal na paglalakbay sa lahat ng Muslim na may kakayahang maglakbay patungo sa banal na lupain ng Makkah sa Saudi Arabia upang isagawa ang banal na Perigrenasyon.

*Ang aking buhay pagkatapos kung yakapin ang
Islam.*

Ang lahat ng papuri ay para sa Allah, lubos na Maawain at Mahabagin, sa Kanya ang Kaharian ng langit at lupa, Tagapagbigay ng Biyaya at Tagapamatnubay sa lahat. Alhamdulillah, mula sa patnubay ng Allah (swt) ay niyakap ko ang relihiyong Islam ng bukal sa aking kalooban at taos-pusong ipinaubaya ko sa Kanya ang aking sarili at handang maglingkod para sa Kanya lamang. Mula nang yakapin ko ang pananampalataya ng Islam at sa katayuan kong isang ganap na Muslim ay marami ang mga kabutihang pagbabago ang hindi ko alam kung paano ko ipaliliwanag (maliban kapag naranasan ng tao ang aking naranasan sa pagka-Muslim) na naganap sa aking buhay kung ihahambing natin ito sa dati kong katayuang walang tiyak na direksiyong patutunguhan at walang tiyak na mga panuntunan ng aking buhay. Buhat na hindi ko alam kung ano ang silbing mayroon ito. Ito ba ay nilikha para lamang kumain, matulog, magpakahirap at magpakasaya?

⁴⁴. Ito ang pang-labing dalawang buwan sa kalendaryo ng Hijri (Islamic Calendar).

Marami ang mga sarili kong katanungan na hindi nagkaroon ng sapat na mga paliwanag, subalit sa Islam ko lamang natagpuan ang mga kasagutan nito. Ang mga katuruan ng Islam o ang Islam ay gamot maging sa espirituwal o pisikal man ito, dahil ang Islam ay panuntunan ng buhay at daan tungo sa kapayapaan at kapanatagan sa mundong kasalukuyan at kaligtasan sa mga kaparusahan sa Impiyerno sa kabilang buhay. Ako ay labis na nagpapasalamat sa Allah (swt) mula sa Kanyang tulong at gabay na gamutin at bigyan ng kalusugan ang kaluluwa kong dati ay masakitin at mapangamba sa lahat ng bagay at hindi niya kayang isipin, at kinakalimutan na darating ang panahon na kanyang kakaharapin ang parusa ng kamatayan. Sinabi ng Allah (swt); "Bawat buhay ay binigyan ng taning (oras ng kamatayan) at kapag sumapit ang taning (ng kamatayan) ay hindi ito maaaring maipagpaliban ng (kahit) isang oras o di kaya ay agahan ito ng (kahit na) isang oras." "Ang lahat ng buhay ay makakaranas ng kamatayan." Ang ating libingan ay umpisa ng pagpaparusa sa lahat ng makasalanan o sa mga tumanggi sa paniniwala sa pagka-iisa ng Diyos at sa mga nagtambal, kumilala o naglingkod at sumamba sa mga huwad na diyos at mga diyus-diyosan. Samakatuwid, hindi makakatutulong sa atin sa panahon ng kamatayan ang ating mga mahal sa buhay, kaibigan, kayamanan, katungkulan at mga katanyagan bagkus tulong lamang ng Diyos (Allah swt) ang siyang magliligpit sa atin sa mga kaparusahan. Ang sabi ng Allah (swt), tayong lahat ay

huhusgahan ayon sa ating mga gawa dahil hindi maaaring angkinin ng iba ang kasalanan ng iba at sa Araw ng Paghukom wala ng silbi ang magulang sa anak, kaibigan, asawa at kayamanan. Ang kailangan natin ngayon ay magkaroon ng katiyakan na ang lahat nating pinagpaguran ay ayon sa kagustuhan ng Allah (swt). Huwag payagan ang sarili natin na magiging alipin ng ating prensipyo dahil walang maidudulot itong kabutihan para sa ating kaligtasan. Ang gamitin natin ay ang malaya natin kaisipan sa pagtuklas sa katotohanan dahil siya ang magliligtas sa atin mula sa dilim at aakayin tayo sa liwanag patungo sa isang wasto at tamang landas sa tunay na kaligtasan papunta sa isang walang hanggang kasayahan at kasiyahan ng buhay sa kabilang daigdig. Ito ay ang Paraiso at walang ibang daang papunta sa Paraiso maliban sa relihiyon ng Allah (swt), Ang Islam.

*Ang Aking Paglalakbay...
Mula sa dilim patungo sa*

رحلتني...
من الظلمات إلى النور

PASASALAMAT


Una sa lahat ay nagpapasalamat ako sa Allah (Sub'hanahu wa Ta'ala), na ako ay Kanyang pagkalooban ng talino at bigyan ng lakas ng loob upang isulat ang munting babasahin na ito na aking pinamagatang "Ang aking paglalakbay ... mula sa dilim patungo sa liwanag". Ito ay naglalaman ng aking sariling karanasan at hinango ang pamagat sa aking pagka-Kristiyano at kung paano ko natunton ang landas patungo sa Islam. Ilang beses akong nagtangka upang ihinto sa pagsusulat ang aklat na ito dahil sa kakulangan ko ng kaalaman sa pagsusulat subalit sa pamamagitan ng mga magagandang udyok ng karamihan sa aking mga kapatid sa Islam sa Islamic Guidance ng Al-Sulay ay sa awa ng Allah (swt) nabuo na rin, kaya silang lahat ay aking pinasasalamatan sa mga magaganda at mabubuting nilang payo sa akin para matapos ito, at sana makatulong ito sa lahat ng taong naghahanap ng katotohanan ng pananampalataya at nawa tanggapin na rin ng Allah (swt) na ito ay paglilingkod para lamang sa Kanya. Ganoon din ang aking pasasalamat kay brother AbdulKhaliq S. Saripada sa kanyang walang pagtangi at kapagod-pagod na pagwawasto at pag-aayos sa aklat na ito.

Maraming Salamat Po at Wassalamu Alaykom wa Rahmatullahi wa Baraka-tuho.

MAJED NOEL N. SALVA, Riyadh, KSA.
December 21, 2003



رحلتي من الظلمات إلى النور



إعداد
قسم الجاليات بالمكتب

حساب التبرعات بمصرف الراجحي : SA2280000296608010070509
حساب التبرعات بمصرف الإنماء : SA5305000068200517913000
حساب التبرعات بنك البلاد : SA5615000999115390770007
حساب الزكاة بمصرف الراجحي : SA1180000296608010070707



فلبيني